# Makipot Ang Pintuan

Salamat, Kapatid na Neville. Salamat. Napakainam na makabalik sa Tahanan ng Panginoon. Lagi akong nagagalak na makabalik sa tabernakulo, saan man ako magpunta. May bagay sa munting dakong ito na gusto kong binabalik-balikan. Ito'y sadyang, oh, ako. . . Ito ang una at nag-iisang iglesya na pinastoran ko. At talagang sadyang mainam na makabalik ditong muli. At naniniwala ako na sa dakilang umagang iyon kapag ayaw nang sumikat ng araw at ang liwanag ng mga bituin ay pawala na, naniniwala akong may ilan na mula sa tabernakulong ito ang nandoon sa araw na iyon, na mga nahugasan sa Dugo ng Kordero. Hinihintay ko ang panahong iyon.

2 Pagpasok ko sa silid ngayun-ngayon lang, nakasalubong ko si Kapatid na Babaeng Arganbright diyan sa may likuran. At sinasabi niya sa akin na may ilang mga tao na naririto na nasa pagtitipon noon sa Kingston, na dumalaw noon, at ako. . . ang. . . lubos akong nagagalak na makaparito sila bilang patotoo. Saan man sila naroroon, kung itataas nila ang kanilang mga kamay, na nakadalo noon sa pagtitipon sa Kingston sa Jamaica. Sadyang, oo, doon sa may likuran. Hayan, mainam 'yan.

3 Nakikita ko ang post card ni Oral. Sa palagay ko'y naipabatid n'yo na ang mga pagtitipon niya. Hindi ko alam iyon hanggang, ang mga petsa, hanggang kahapon. Sa palagay ko'y mag-uumpisa iyon sa ikaanim, di ba? Ikaanim hanggang ikalabinlima, si Kapatid na Roberts sa Louisville. Ngayon, pumunta kayo't pakinggan siya. Si Kapatid na Roberts ay isang—isang matalik kong kaibigan, at isang tunay na lingkod ni Cristo. At natitiyak kong masisiyahan kayo sa kanyang mga mensahe, gabi-gabi. At isang. . . ang kanyang, sa pananalangin niya para sa mga maysakit, ako'y—tiyak kong makikita ninyong kumilos ang Diyos, dahil isa siyang dakilang mandirigma ng pananampalataya, si Kapatid na Roberts, at isang taong ginagamit ng Diyos sa napakalaking paraan. At lumago ang kanyang ministeryo magmula sa. . .

4 Naaalala ko pa noong una kong makilala si Kapatid na Roberts, nandoon siya sa isang sira-sira nang tolda sa St. Louis, Missouri, at ako noon ay. . . hindi, sa Kansas City, Missouri pala. At naroon ako sa Kansas City, Kansas, sa isang auditorium. Naupo siya sa upuan sa unahan. Pagkatapos ng gawain, nagpunta kami sa likod at nagkuwentuhan. Ipinakilala nila ako sa kanya. Mas bata siya sa akin; nasa mga umpisa pa lang ng kuwarenta si Oral. At sa pagpapatuloy sabi niya, "Sa

palagay mo ba ay diringgin ng Diyos ang panalangin ko para sa mga maysakit?"

Sabi ko, "Kapatid, diringgin Niya ang panalangin ninuman na mananalangin." Buweno, nagpasimula nga siya, at sabi niya, "Heto na ako!"

5 At napakatalino niyang tao, at edukasyon sa kolehiyo, apat na taon ng psychology, at sigurado ako na isa siyang—isa siyang matalinong tao. At nakaabot na siya ngayon sa gayong katayuan na may mga kawani na siya ng mga tagapagpayo na nakapaligid sa kanya, at gayong mga bagay, hanggang sa, kapag nagsalita siya, kanyang—pinag-iisipan niya iyon nang husto. At talagang masisiyahan kayo sa kanya, sigurado ako.

6 At sa pagpapatuloy ngayon ay gusto kong magbigay ng kaunting balita tungkol sa ginawa ng ating Panginoon sa munti nating abang pagtitipon sa Jamaica at sa Puerto Rico. Kakaibang bagay iyon na nagpunta ako, dahil marami nga akong natanggap na tawag. Gaya ng alam nitong si Leo rito, na ang telepono. . . At sa pagtakbo ng isang linggo, talagang literal na daan-daang lugar ang tumatawag na humihiling ng mga pagtitipon. Ngunit ganoon pa man gusto kong madama na mapangunahan ako kung saan ako pupunta, gaya ng para doon. Kung hahayo ako dahil sa pinapunta ako nung tao, kung gayon ay pupunta ako sa pangalan ng iglesyang iyon o ng organisasyong iyon. Kung pupunta ako dahil sa sinabi ni Kapatid na Neville na dapat akong pumunta, kinakailangan kong pumunta sa pangalan ni Kapatid na Neville. Subalit gusto kong pumunta kapag pinahayo ni Jesus, nang sa ganoon makapunta ka sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para katagpuin ang mga tao.

7 At nakahiga ako noon sa higaan, at medyo napagod ako. Sa libis na ito, hindi magtatagal, ay kailangan ko nang umalis sa libis na ito, dahil talagang gayon na lang ang pagpapahirap nito sa lalamunan ko hanggang sa halos hindi ko na ito makayanan. Maaari akong umalis at babalik. . . Dumating kami noong isang araw, si Leo at ako, sa loob ng apatnapung milya, pagkagaling sa mga latian sa Florida, maluwag na ang lalamunan, at sa loob ng apatnapung milya ng Louisville ay nabara itong muli. Malamang na naririto sa kung saan man si Kapatid na Banks Wood ngayong umaga. At noong isang araw parating galing ng Kingston at—at ng Puerto Rico, kung saan talagang naging lubos na maayos na ang lalamunan ko; at bumaba ako ng eroplano, maayos pa rin; at bago kami makarating ng Jeffersonville, nabara na naman ito. Kita n'yo, dahil iyon sa kapatagan dito. Ang mikrobyo 'yon sa hangin, o kung hindi ay ang Diyos iyon, ang isa, na sinisikap akong ilayo. Kaya, ako—hindi ko 'yon maunawaan. Maraming beses na akong nanalangin at nagsumamo.

8 Ngunit, ganoon pa man, sadyang nagising ako, mga alas-tres ’yon ng umaga. At tulog pa ang asawa ko at ang maliit kong anak na lalaki. At bumangon ako sa may tabi ng higaan, at nakakita ako ng malaking bilang ng mga tao na nagkakatipon sa isang napakalaking lugar, at sabi ko kay Billy Paul, “Magpunta ka roon at bigyan mo ang mga taong iyon ng mga prayer card.”

9 At sabi niya, “Sige po, ’tay.” Ilang minuto pa’y bumalik siya, at ang sabi, “Hindi mo mabigyan ang mga taong iyon ng prayer card.” Sabi niya, “Nakikita n’yo ba itong lalaking ito na nakatayo rito?”

Sabi ko, “Oo.”

10 Sabi niya, “Nandito siya banda, at sabi ko, ‘Lahat ng may gusto ng prayer card, itaas n’yo ang inyong mga kamay.’” At sabi, “Lumapit ako para bigyan siya ng prayer card, lumipat naman siya ng puwesto. At pagkatapos pumunta ako roon, at naroon naman siya sa ibang puwesto. Ngayon heto siya sa banda pa rito.” Sabi, “Ni hindi ako makapamigay ni isang prayer card.”

11 Sabi ko, “Buweno, Billy, hindi mo na kailangang mamigay ng mga prayer card, dahil napakalaki naman ng lugar dito hanggang sa ang lahat ay maaaring. . . ” Ang mga prayer card ay para hindi magkagulo. . .nakita n’yo, at mapanatili sila sa kaayusan. Sabi ko, “Oh, madadala ko ang lahat doon, na hindi hihigit sa luwang ng puwesto ko, at papilahin sila at ipanalangin sila isa-isa.”

12 At sabi niya, “Sige po.” At gumawi siya sa kanan at lumayo sa akin. At bumaling ako sa banda *rito* habang papunta naman siya sa gawing *iyon*, at tinitingnan siya.

13 At narinig ko ang isang Tinig na nanggaling sa Langit, at ang sabi, “Subalit sa oras na ito ay pasisimulan Kong gawin kang dakila.” At pagtingin ko, at hindi pa ako nakakita ng ganoon karaming mga tao, nagdadagsaan sila mula sa kung saan-saang dako.

14 At natawag ang pangalan ni Kapatid na Roberts, sabi, “Ngayon darating si Kapatid na Oral Roberts upang makipagkita sa iyo.”

At sabi ko, “Paano ko kaya babatiin si Kapatid na Roberts?”

Sabi, “Sa gayunding paraan kung paano ka niya babatiin.”

15 Buweno, nakita ko nga si Kapatid na Roberts na paparating na nakasuot ng itim na amerikana, at isang maliit na sumbrero na katulad ng isinusuot ni Bing Crosby, ’yung mga ganoon na itataas mo at hihilahin pababa, isang munting itim na sumbrero. At tila ba patayo na ako noon, at tumingala siya at nagsabi, “Kumusta, Kapatid na Branham.”

At sabi ko, “Kumusta, Kapatid na Roberts,” kinamayan siya.

Sabi, “Napakarami mong mga nagsidalo.”

16 Sabi ko, "Medyo marami ngang mga nagsidalo, Kapatid na Roberts." At tumalikod na siya't gumawi sa pinuntahan ni Billy, sa gawing kanan.

17 At naisip ko, "Mula saang banda kaya ako mangungusap sa kanila?" At sinubukan ko na kung saan-saan para makahanap ng puwesto kung saan puwede akong magsalita. Nasa ganoon akong lugar, parang nasa mababa, na hindi ko tuloy makita kung saan—saan ako puwedeng makapangusap sa kanila.

At may nagsabi, "Buweno, pumarito ka."

18 Sabi ko, "Buweno, wala ka nang makikita pang mas iinam pa riyan." At sinimulan ko nang pumunta roon sa lugar. At naalala ko ito nang sandaling iyon, sabi ko, "Ang pinakamahalagang bagay na dapat kong gawin ay manatiling mapagpakumbaba sa aking puso, sa tuwina, sa harapan ng Diyos at ng Kanyang mga anak."

19 At lumabas na ako sa naturang pangitain. At naisip ko, "Ano kaya ang ibig sabihin nun? Siguro ang ibig sabihin nun ay magkakaroon kami ng lubos na . . . O saan kaya—magiging saan kaya siya iyonparoroon?" Alam n'yo kasi, kung minsan, sa mga pangitain, hindi Niya sasabihin sa iyo kung saan ba talaga, Siya—nangungusap lang Siya at ikaw lamang ay . . . Patalinghaga iyon, parang ganoon. At tiyak kong kayo na mga nagbabasa ng Biblia ay nauunawaan iyon.

20 At pagkatapos ay nagtungo ako sa unahang silid at naupo sandali, at mga bandang alas-tres y media o alas-kuwatro iyon ng umaga. Inantok ako nang husto. Bumalik ako at nahiga na, at nanaginip ako ng isang panaginip, at iyon ay pinakakakaibang panaginip. At kilala halos ng lahat sa inyo ang isa sa mga tagapangasiwa, na si Jack Moore, si Kapatid na Jack Moore. Kilala ko siya ng maraming taon na. Akala ko'y lumabas raw akong kasama ang kanyang anak, isang kabataang babae na mga labimpitong taong gulang, at hawak ko siya sa kamay, ginagabayan ko siya paakyat ng burol, ang munting si Jackie. Buweno, kilala ko na siya mula pa noong alagaing sanggol pa lang siya. At inaalalayan ko raw siya paakyat ng burol, at lumakad ako ng tatlong bloke ng siyudad ang layo paakyat ng burol, na akay-akay ang dalagitang ito. At nakarating daw kami sa ilalim ng isang malaking punongkahoy, at naupo siya. At gaya ng marami sa mumunting kabataang mga babae ngayon na nakasuot nung mga palda na, alam n'yo na, medyo palobo, at nakasuot siya ng isa sa mga ganoong palda. At hinawakan niya itong munting paldang ito at medyo iniladlad iyon at naupo. At gaya ng mga kabataan na kadalasang nakatingin sa isa't isa, pinagsalikop niya ang mga kamay niya nang *paganito* at nag-umpisang tumingala sa kalangitan. Buweno, si Jackie ay isang napakabuting munting kabataang babae, ngunit may napakalaki siyang bibig at malalaking mga mata,

at medyo kulay-malabuhangin na buhok, hindi gaanong kaakit-akit, subalit isang tunay na munting binibini. At nakikita ko ang malalaki niyang mata habang nakatingala siya sa kalangitan, at kung paanong nasasalamin ang kalangitan sa kanyang mga mata.

21 Buweno, lumayo raw ako ng mga limang talampakan mula sa kanya, at medyo nahimlay patagilid nang *paganito*, at kumuha ako ng isang dayami at inilagay iyon sa bibig ko, at sinimulan ko raw nguyain ang dayaming ito. At nagsimula akong mapa-isip, "Ano'ng ginagawa ko rito sa itaas? Aba, ako na isang matanda na, at kasama ang dalagang ito. Aba," sabi ko, "may asawa na ako at may ilang mga anak na. Hindi ako dapat na nandito na kasama ang dalagang ito."

22 At nag-umpisa akong tumayo. At, pagtayo ko, isang Tinig ang nanggaling sa punongkahoy na iyon, at nagsabi, "Ito ay bilang isang tanda at para sa isang layunin."

23 At nagising na ako, at muntik pa akong mapahiyaw, isang—isang bangungot. Naisip ko, "Oh, ibig sabihin kaya nun na magba-backslide ako o may isang bagay na mangyayari sa akin?" Buweno, naisip ko, "kung sisikapin kong gamitin ang sarili kong kaisipan, kung ganoon ay maguguluhan lang ako, kaya maghihintay na lang ako sa Diyos." At nagsimula akong manalangin. Sabi ko, "Panginoon, tumutukoy po ba ang panaginip na iyon doon sa pangitain noong maggagabi pa lang, o ano po ba ang ibig sabihin nun?"

24 Pagkatapos ng paghihintay ng maraming sandali, marahil ay isang oras (Gising na ang maybahay ko at nakapaghanda na ng almusal.), saka nagbalik muli ang Tinig, at sabi, "Pumunta ka sa Kingston, at sasabihin sa iyo roon kung ano ang gagawin mo."

25 Kaya, nagpunta ako kaagad-agad sa Kingston. At kanilang—nalaman nila ng Huwebes ng hapon na darating ako roon ng Biyernes. Iyon lang ang inanunsiyo namin. Hindi ako gaanong magaling sa paggawa ng. . .?. . .o pagtantya ng dami ng mga taong nagsisidalo, dahil madalas kong napapasobrahan iyon nang husto. Ngunit sa unang gabi, sabihin nang mayroon kaming mga labindalawa, oh, mga labindalawang daang katao, na naparoon, dahil naipaalam lang iyon ng isang araw. At kinabukasan nagsugo na sila ng mga mensahero na tumatakbo ng apat na milya, nang pasa-pasahan, pataas ng kabundukan. Tatakbo ang isang mensahero ng apat na oras, at pagkatapos hahayaan naman ang isa pang mensahero na ipagpatuloy iyon paakyat ng bundok. At noong ikalawang gabi mga nasa limang libo na ang naroon. At sa ikatlong gabi tinatayang nasa labinlimang libo, siguro dalawampu na. At libu-libo ang mga lumapit sa Panginoon.

26 At ang naturang pangitain, ay ang munting iglesya, 'yung kabataang babae ay isang birhen, isa lamang bata, at

nangangahulugan iyon ng pagkabata pa ng iglesya. At ang tatlong bloke ng siyudad paakyat ng burol, ay ang tatlong araw na magmiministeryo ako. At dinadala ang munting birheng iglesya sa pamamagitan ng aking ministeryo, mula sa kung saan siya naroon, patungo sa mas mataas na mga bagay ng Diyos, hanggang sa niyanig niyon ang buong isla.

27 At, oh, ang mga ministro at mga tao sa paligid, umiiyak at nagsusumamo at nanghihikayat, "Isang gabi na lang o dalawa pa," ang mga opisyal ng siyudad.

28 Nagpunta kami magmula roon patungong Puerto Rico. Sinalubong kami roon ng malaki't mabunying tagumpay, at libu-libo ang nagsisiksikan sa lugar na para sa mga karerahan, hanggang sa tinatayang mga apatnapung libong mga minamahal na kaluluwa ang lumapit sa Panginoong Jesus. At sa paglisan, umaasa akong ako. . . Sasabihin ko ito sa sarili kong iglesya, pero hindi ko magawa ito sa publiko, kung saan wala ang mga kaiglesya sa paligid, dahil baka mamali ang maging tingin dito. Ngunit nasa akin ang pangalan nung huwes dito sa kapirasong papel, na nagsalita noong paalis na kami, rito mismo, siya at ang mga kawani niya.

29 At ako. . . Siya—sabi niya, "Ikinararangal natin sa islang ito na nagkaroon tayo ng iba't ibang mga ministro." Sabi niya, "Nang umalis ng isla si G. Billy Graham kamakailan lang," at sabi, "nagkaroon tayo ng isang—isang maluwalhating pagtitipon," sabi niya, "subalit dinala lamang sa atin ni Billy Graham ang ganoon pa ring Ebanghelyo na dati na nating naririnig." Sabi niya, "Pagkatapos karangalan din natin na nakarating si G. Roberts sa isla," sabi niya, "at binigyan tayo ni G. Roberts ng dakilang tatlong araw na pagtitipon. Ngunit," sabi, "napakalaki ng mga nagastos sa hotel," sabi, "nag-iwan ng tatlumpu't limang libong dolyar para sa tatlong gabi, para sa gastos sa hotel." Sabi niya, "Pagkatapos ay naparito si G. Osborn, na isang dakilang lingkod ni Cristo. Ngunit," sabi, "noong umalis si G. Osborn, nagkaroon ng panlulumo," sabi, "para bang wala nang lahat."

30 "Ngunit," sabi, "napansin namin sa pagtitipon na ito na halos wala naman talagang nasa entablado para ipanalangin ni Kapatid na Branham. Ngunit," sabi, "pagkatapos ng mga gawain, naghakot kami ng trak-trak na mga lumang wheelchair at mga tungkod at lahat na, mula doon sa mga nagsidalo." Sabi niya, "Hindi na iyon isang tao sa pagkakataong ito, naparito sa atin ang Diyos," sabi niya.

31 Sabi ko, "Huwag ninyong asahan ang mga panalangin ko; kundi ang mga panalangin ninyo riyan, ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't isa." At nagdadala sila ng marahil isa o dalawang dosena sa entablado, at, kapag bumaba na ang pagkilala, basta na lang magsisigawan ang mga tao. Tumuloy

kami sa isang fourth-class hotel, at kami ang nagbayad sa lahat ng sarili naming mga gastusin at mga lakad, kami mismo.

32 Tumulong kayong gawin iyon, kayo mismo, sa pamamagitan ng inyong mga ikapu na ipinadadala ninyo sa akin. Iyon ang nagsakatuparan nito. At nais kong malaman n'yo na, sa lahat ng iyon, ay may bahagi kayo roon. At sa dakilang maluwalhating araw na darating, gagantimpalaan kayo ng Diyos doon. Kita n'yo, hindi n'yo kinailangang . . .

33 Kung ang tao mismo ay pupunta doon at magsasagawa ng isang bagay, pagkatapos, nakita ninyo, pag-alis ng taong iyon, iniisip nila, "Isang matinding panlulumo, iniwan na tayo ng Diyos." Hindi kayo iniiwan ng Diyos. Kasama n'yo Siya palagi. Kita n'yo, kayo iyon na siyang nakapagpapagana nun na gaya rin ng, gaya rin ng sinuman. Maaaring gumamit ang Diyos ng isang tao para sa isang ministeryo, pero hindi ibig sabihin nun na ang taong iyon lang ang may pribilehiyo sa Diyos. Iyon ay ang sarili ninyong pananampalataya sa Diyos.

34 At nagpupunta sila roon na sakay ng mga lumang karetela na iyon, na ginagamit nilang parang mga andador ng sanggol, at—at nilalagyan ng isang tabla, at inihihiga doon ang mga tao at itinutulak ang mga iyon papasok. At pagkatapos ng gawain, aaliwalas na ang buong lugar para sa mga karerahan, aalis lang sila na may mga kariton at dadamputin ang mga maliliit na kariton at malalaking lumang wheelchair, at mga tungkod at mga tiheras at mga higaan, at doon lang kung saan sila umalis at iniwan ang mga iyon, dahil sa ang Presensiya ng Panginoon ay naparoon. Ganoon ang gusto nating makita. Wala na ang tao sa eksena kung gayon, ang Diyos na ang kumikilos.

35 Sa pagbabalik, para lamang makatulong ngayong umagang ito, magsasalita ako maya-maya lang. At hiniling ko sa mga kalalakihan natin na huwag ilabas ang teyp. Tatlong araw kong pinag-isipang mabuti, "Ano kaya ang ipangungusap ko?" At kaninang umaga, bago ako umalis, nakaramdam ako ng talagang mahigpit na babala sa puso ko sa iglesya. At sinabi ko sa kanila, "Iteyp ninyo, pero huwag ninyong ilabas para ibenta."

36 Ngunit bago natin gawin ito, gusto ko kayong bigyan ng isang munting patotoo lang, para makabuti iyon sa inyo. Nakabuti ito sa akin. Bumiyahe kami para sa tatlong araw na pangingisda, sina Leo at Gene at ako, at ang anak kong si Billy Paul at ang kanyang asawa, doon sa lugar ng isang kaibigan na dumadalo rito sa tabernakulo, na mula doon sa Georgia. At dinala nila kami roon sa isang latian, hindi ko na alam kung saan na iyon ngayon banda, malapit sa Okeechobee o parang ganoon, hindi ko alam ang ipinangalan doon nung mga Seminole Indian. Ngunit, ganoon pa man, maraming milya noon ang layo namin.

37 At itong si Kapatid na Evans, ang kapatid niyang lalaki ay isang makasalanan pa noon. At isa itong magaling na

mangingisda, at bumalik na siya roon sa mga latian ilang buwan na ang nakararaan. At meron sa kanila nung tinatawag nilang "ground rattler." At tinuklaw siya nung ground rattler, at halos mamatay na siya noon. Namaga ang buong binti niya, at dinala nila siya sa mga doktor at tinurukan nila siya. Ang mga ganoon ay nakamamatay. At marami rin sa kanila nung mga ahas na cottonmouth doon, cottonmouth, moccasin, mga buwaya na hanggang dalawampung talampakan ang haba.

38 At habang namimingwit kami roon, nakabingwit ako ng isang napakalaking apahap. Oh, 'yun ay isang tunay na araw ng—ng pagpapahinga. At napakalaki nito na hindi ko ito maiahon mula sa tubig, at sadyang napatuwid nito 'yung sima at lumarga na, o nagpumiglas ito para makawala. At nakahuli kami ng maraming apahap, mga sandaan at limampung libra ng malaking apahap. At ang mga iyon, ang iba sa mga iyon ay tumitimbang ng maraming libra, at mula apat hanggang pito, walong libra. At nahuli ko nga ang isang malaking ito, at nakahulagpos naman ito.

39 At naghagis ulit ako, at ako—nakahuli ako ng isa pa, nasa mga anim, pitong libra. At may mahaba akong pamingwit na kinakailangan mong itaas sa ibabaw ng mga dahon ng lirio. At si Kapatid na Evans ay nagkaroon ng. . .Basang-basa kaming lahat sa paglusong sa tubig, dahil sa purong latian iyon. At hinubad niya ang kanyang sapatos at inililis ang kanyang pantalon, at naroon sa isang maliit na tuyong lugar, para bang pinapatuyo ang kanyang damit. At nakita niya itong malaking isda na naglulublob sa mga palumpong, at lumulusong ako noon papunta sa kanya. Sabi niya, "Sandali lang, Kapatid na Branham, kukunin ko siya para sa iyo." At tumakbo siya patungo roon. At nahila ko na iyon pataas, sa palagay ko ay halos mamatay na 'yung isda, nakapaibabaw na sa mga dahon. At tumakbo siya para kunin iyon. At, pagtakbo niya, napasigaw siya, at dito'y napabalik na siya. Tinuklaw siya ng isang rattler.

40 At tiningnan namin iyon, at naroon 'yung mga tusok ng pangil sa kanyang paa kung saan siya natuklaw ng rattler, at namimilipit talaga siya nang husto sa sakit dahil doon hanggang sa naluluha na ang mga mata niya. Sabi, pakiramdam daw niya'y tila ba napaparalisa na ang kanyang mga buto. At naroon pa naman kami, doon sa mga latian na milya-milya ang layo. Malaki siyang tao para buhatin. At kapag natuklaw ka ng isang ahas, nagiging malubha agad ang pakiramdam mo sa loob ng ilang minuto lang hanggang sa halos mamatay ka na. At naroon noon si Leo. At may bagay na dumating sa aking isipan, "Ikaw ay Diyos pa rin!" At noong hawak-hawak nito ang kanyang paa at hinahawakan iyon nang mahigpit, at 'yung dalawang malalaking tusok ng pangil doon kung saan siya sinakmal ng rattler, pinatungan ko ng kamay ko ang bahaging iyon at sabi ko, "Panginoon, nasusulat sa Iyong Salita, 'Tatapakan nila ang

mga ulo ng mga ahas at mga alakdan, at sa anumang paraan ay hindi sila maaano.'" At noon din mismo, ay naalis ang lahat ng pananakit sa kanyang paa. Isinuot na ang kanyang sapatos at buong araw na namingwit.

41 Pumasok siya nang gabing iyon at ikinuwento sa kanila ang tungkol doon, sabi nila, "Mabuti pang pumunta ka na sa isang doktor."

42 Sabi niya, "Kung iningatan ako ng Diyos hanggang sa sandaling ito, iingatan niya rin ako hanggang sa huling sandali." Namingwit kami ng tatlong araw, wala man lang masamang kinalabasan.

43 Ang Diyos ay Diyos pa rin. Tinutupad Niya ang bawat pangako. At sa buong ministeryo ko, 'yun ang unang pagkakataon kong nakita ang Diyos na sumaklolo sa isang natuklaw ng ahas, dahil 'yun ang unang beses na nagkaroon ako ng oportunidad na maipanalangin ang isang natuklaw ng ahas. Ipinababatid lamang sa inyo na tinutupad Niyang lahat ang Kanyang mga pangako, at ang Kanyang Mga Salita ay mabuti at totoo. Amen.

44 Alalahanin ninyo ang mga gawain mamayang gabi at sa darating na Miyerkules. At manalangin kayo para sa isa na talagang kinakailangang maipanalangin ngayon, ako 'yon. At, alalahanin n'yo, dumalo kayo sa pagtitipon ni Kapatid na Roberts pagdating niyon sa siyudad, at ibati n'yo ang tabernakulo sa kanya.

45 Bago natin basahin ang Mga Kasulatan, ako—nais kong magsitayo muna tayo sandali. At, nang walang pagtugtog, umawit tayo ng isa o dalawang koro nitong maluwalhating lumang himno ng iglesya, *My Faith Looks Up To Thee*. Sige, ang lahat ay sumabay na sa akin ngayon, at awitin natin iyon. At huwag ninyong isipin kung papaano kayo umaawit, basta awitin n'yo lang iyon sa ikaluluwalhati ng Diyos. Maaari mo bang pangunahan kami rito, Kapatid na Neville?

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour divine;
Now hear me while I pray,
Take all my guilt away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

While life's dark maze I tread,
And grief around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow, fears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

46 Habang nakayukod ang ating mga ulo, nais kong bumasa mula sa banal na mga sulat ng Biblia, Sn. Mateo, sa ika-7 kabanata, ika-13 at ika-14 na mga talata. At idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mayamang biyaya habang binabasa natin Ito.

> *Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa* mga *pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok:*
>
> *Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon.*

47 Manalangin tayo. O Diyos, Na siyang nagbangon muli sa Panginoong Jesus mula sa kamatayan at mula sa libingan, at ipinakilala Siya sa amin ngayong umaga bilang isang Handog na buháy, aming inihahandog na may pagpapakumbaba ang aming mga buhay sa Iyo muli, ayon sa kaisipan na labis Mo po kaming inaalaala. Noong kami pa ay mga makasalanan, mga patay sa kasalanan at mga pagsalangsang, ay isinugo Mo ang Iyong bugtong na Anak, na ginawa sa anyo ng makasalanang laman, upang maging kabayaran para sa aming mga kasalanan, nang sa gayon ang Walang Kasalanan, na naghirap para sa may sala, ay maipagkasundo kaming sama-sama muli sa pakikisama sa Iyo.

48 At, O Diyos, kung may kasalanan sa aming kalagitnaan ngayong umaga, isang bagay na maaaring makahadlang sa Espiritu Santo sa paghahatid sa amin ng Mensahe ng Diyos sa puso ng bawat isa sa amin, idinadalangin namin na, may pagpapakumbaba, Panginoon, na patawarin Mo po kami sa aming mga pagsalangsang. Linisin Mo po kami sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus. Na. . . Alam namin, sa aming mga sarili, na kami'y walang anuman, at inaamin namin na kami ay walang anuman. Subalit Ikaw ay banal, Ikaw ay totoo, Ikaw ay katuwiran, Ikaw ang mismong Bukal ng kahabagan. At may pagpapakumbaba kaming lumalapit nang marahan doon ngayon, bilang mga makasalanang nagsisisi. Habang isang patotoo ang lumaganap kamakailan lang, mula sa Jamaica at mula sa Puerto Rico, at kung saan Ka gumawa ng sadyang napakadakilang mga gawa, O Diyos, ito na ang tanda ng pagdating Niyaong Matuwid.

49 Kung paanong Iyong iniligtas si Kapatid na Evans mula sa makamandag na mga pangil ng ahas na iyon, dahil isa siyang mananampalataya, at ang Iyong Mga Salita ay laging totoo. Ngayon, Panginoon, iligtas Mo po kami sa mga pangil ng kamatayan ngayong umaga, kung saan kami tinuklaw at nilason ng kaaway. Hayaan na ang Iyong pamahid na nagpapagaling, ngayong umaga, Panginoon, ay lipusin nawa ang aming espiritu at linisin kami sa lahat ng kabaluktutan. Pagalingin Mo po

ang mga sakit ng mga katawang pisikal na sinira ng mga kapangyarihan ng kaaway. Ang lahat ng mga nasa Banal na Presensiya, magsigaling nawa sila.

50 Mangusap Ka po sa amin ngayon sa pamamagitan ng Iyong nasusulat na Salita, Panginoon. Hindi ko po alam kung ano ang sasalitain, subalit Iyong ipagkakaloob ito. At balaan Mo nawa kami, Panginoon, at ihanda kami para sa Iyong Pagparito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at alang-alang sa Kanya. Amen.

51 Medyo nahuhuli ako palagi, dahil naghintay pa ako ngayon. At ang Sunday school, sa palagay ko, ay tapos na. Subalit may bagay tungkol dito, na kapag umuuwi ako pakiramdam ko ba'y parang marami akong oras. Alam n'yo, masyado tayong nagmamadali, gayunman. Kaya, basta sampalatayanan lang natin ang Diyos.

52 Ibinibigay ng ating Panginoon ang mahigpit na babalang ito noon sa mga tao ng Kanyang henerasyon, sa mga tao na mga napakarelihiyoso. At sabi Niya, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, na patungo sa Buhay, at kakaunti ang nakasusumpong Nito." Ngayon, hindi dahil sa hindi sila relihiyoso. Napakarelihiyoso nila. At dahil sa umasa na sila sa iglesya at sa kung anong mga kredo at mga denominasyon, at nanampalataya (nang bahagya) sa Diyos, inakala nilang ayos lang ang lahat. Ngunit sinasabi Niya sa kanila na kakaunti lamang ang makakapasok.

53 At iniisip ko nga ngayong umaga kung hindi ko ba naman maikumpara ang henerasyong iyon sa henerasyong ito. Kita n'yo, iyon ay noong pagsasara ng dispensasyong para sa mga Judio, at ang tinutukoy Niya noon ay ang magkakaibang mga ganoon at magkakaibang mga pagtatapos ng magkakaibang mga dispensasyon, at sinasabi sa kanila na 'yung bagay mismo na ginawa noong mga naunang dispensasyon ay ginagawa na mismo sa harapan nila. At nabigo silang makilala iyon. At tingnan natin ang ilan sa mga bagay na sinasabi Niya.

54 Sila, halimbawa, ay hindi makapaniwala na ang Diyos ay nasa Taong iyon. Iyon ang pinakamalaking hadlang na kinailangan nilang pagsumikapang malagpasan, ay ang kung papaanong Siya na Tao lang ngunit inangkin Niyang Diyos Siya Mismo. Hindi nila makita kung papaanong makapananahan ang Diyos sa katawang-tao. At sa lahat ng mga kapanahunan, sa lahat ng pagkakataon, ay lagi nang nananahan ang Diyos sa tao noon pa man. Ang tao ay instrumento ng Diyos. Sa bawat henerasyon, ay nakikipag-usap ang Diyos sa Kanyang mga tao sa pamamagitan ng bibig ng tao. Palagi Siyang pumipili ng isang tao o isang bagay na maaari Niyang magamit.

55 At tinukoy Niya sa kanila, na isang labis na nakatitisod, ang tungkol kay Abraham. Sabi Niya, sinabi sa kanila, "Kung

tinatawag ninyo ang inyong mga sarili na ‘mga anak ni Abraham,’ si Abraham na inyong ‘ama,’ nakita niya ang Aking araw at nagalak na makita ito. Si Abraham, na propeta.” At walang alinlangan na tinutukoy sa kanila noon ni Jesus na napatunayan na Niya sa kanila na Siya ang Mesiyas, dahil sumusunod sa Kanya ang tanda ng Mesiyas. At naging ganoon na noon pa sa bawat nagdaang henerasyon, ganoon, ang tanda ng Mesiyas. Ngunit ganoon pa man Siya sa pag-aangkin Niyang Diyos Siya Mismo, ang Mesiyas Mismo, nakatisod iyan sa kanila. Hindi nila iyon maunawaan.

56 Ngayon, noong si Abraham (na tinawag nila na kanilang ama) ay nakatagpo ang Diyos, nasa katawang-tao rin Siya, dahil kumain Siya ng karne ng guya, kumain ng tinapay na gawa sa mais (at umiinom ng gatas) at mantekilya, sa harapan ni Abraham, at gayunpama’y Diyos Siya. Nakilala Siya ni Abraham, ang Diyos, at tinawag Siyang “Elohim,” na siyang Jehovah na Makapangyarihan sa Lahat. Isang Tao na nakadamit, may alikabok sa Kanyang Katawan, at naupo sa ilalim ng isang punongkahoy, para masilungan, at kumain ng karne at uminom ng gatas. Pagkatapos ’yung mga walang habag, mabagsik, makasarili’t mapagmatuwid na mga Judio ay hindi Siya mapaniwalaan na Siya ang Anak ng Diyos, at tinawag na kanilang ama si Abraham. At ipinababatid Niya noon sa kanila na ginagawa nga Niya ang gayon ding mga bagay, sa Kanyang katawan, na ginawa ng Diyos noon sa iba namang katawan noong kinatagpo Niya ang kanilang ama, na si Abraham. At sinampalatayanan iyon ni Abraham. At hindi nila iyon masampalatayanan.

57 Alam n’yo, noong nakaupo si Abraham sa may lilim ng kanyang tolda dahil gumawa siya ng isang pagpili, at ang pagpiling iyon ay dinadala sa harapan ng bawat tao na isinisilang sa mundong ito. Ang punongkahoy ng mabuti at masama ay inihaharap sa bawat tao. At noong si Lot, na pamangkin niya, at ang kanilang mga tagapastol ay nag-umpisang magtalu-talo tungkol sa mga lupa; si Abraham, dahil isang taong matuwid, ay sinabi sa kanila, “Huwag lamang magkaroon ng mga pagtatalo sa gitna natin. Pumili ka na lang ng daan na gusto mong tahakin.” Dumarating ang ganyang sitwasyon sa buhay ng bawat mananampalataya. At nasa harapan ninyo ito ngayong umaga, at nasa harapan ko ito.

58 Hindi naman inisip ni Lot na magba-backslide siya, subalit tumingin siya sa dakong Sodoma kung saan magaan ang buhay. At maraming pagkakataon na tumitingin tayo sa landas na magaan. “Aanib ako sa ganito’t ganyang iglesya, at, alam mo, walang sinuman ang magsasalita ng anumang laban dito, dahil ito ang pinakamalaking iglesya sa siyudad na ito.” Ang magaan na landas! Maraming beses na ginagawa natin iyon, gayong, mali tayo!

59 Tandaan n'yo, kung susunod kayo kay Cristo, kamumuhian kayo ng mga tao, sapagkat ang lahat ng namumuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay daranas ng mga pag-uusig. At kapag lumapit kayo kay Cristo, hindi kayo papasok sa pamamagitan ng anumang iglesya o anumang denominasyon, o anumang kredo. Papasok kayo sa pamamagitan ng Dugo, iyon lang ang tanging daan papasok. At wala kayong maaaring isama, papasok kayong mag-isa at tatayo sa sarili ninyong pagpapahayag at sarili ninyong pananampalataya. Hindi kayo makikisakay sa pastor, o sa pananampalataya ng inyong ina. Paroroon kayo bilang isang indibidwal kapag lumapit na kayo sa Diyos! At madalas na nagagawa natin ang mga hangal na pagpiling iyon.

60 Ano kaya kung si Lot, noong nakita niyang magaan ang lahat ng bagay. . .? Nakita niya kung saan maraming pera at malaking kasikatan, dahil magiging dayuhan siya, at isang matalino, edukado, punung-puno ng psychology, at magagawa niya ang ilang mga bagay at gayunma'y makapananatili siya sa kanyang relihiyon. Naisip niya, "May pananampalataya naman ako sa Diyos, kaya pupunta na lang ako sa Sodoma at ako—at kikita ng karagdagang salapi, at magiging tanyag akong tao, marahil isang kahanga-hangang mangangaral." Kita n'yo, mayroon kayong pagpili na gagawin.

61 At ang mga karaniwang tao ay may pagpili na dapat gawin. "Pupunta ako rito sa ganitong simbahan roon. Oh, sa palagay ng lahat sa bayan ay ito na ang pinakamainam! Aba, kabilang ang alkalde ng siyudad na ito sa iglesyang ito." Ngayon, maaaring maging kabilang nga siya sa isang iglesya na talagang mainam, ngunit ganoon pa man kailangan ninyong hatulan ang iglesyang iyon at ang mga tao niyon sa pamamagitan ng Mga Kasulatan. Kung minsan pumupunta sila dahil iyon ang paraang tinatangkilik ng karamihan, ang—ang mga taong mas maayos manamit ay nagpupunta sa mga ganoong lugar. At doon tayo nakagagawa ng isang—isang mapanganib na pagkakamali. Ngayon pansinin n'yo ito.

62 At si Abraham, ang tanging bagay lang na nagawa niya ay kunin ang pangalawang pamimilian. At kung minsan ang pangalawa sa pamimilian ay mas mainam pa kaysa sa una, kung tinanggap iyon na tulad ng ganoon. Pansinin n'yo, hindi nagtagal, noong makita ni Lot 'yung malaking lungsod, hindi niya nakita na naging haliging asin ang kanyang asawa, gayunman, hindi niya nakita na tinutupok ng apoy ang naturang lungsod. Ngunit pinili ni Abraham ang daan ng mga kakaunting kinukutya dahil sa Panginoon. Nanatili siya sa mga ilang.

63 At, gayun pa man, paano kaya kung sinabi ni Sarah. . . Ngayon alalahanin n'yo, si Sarah noon ang pinakamagandang babae sa buong lupain. Walang babae na kasingganda ni Sarah. Lahat, ng nakakita sa kanya, ay napaibig sa kanya. Ngayon,

napakadali sana para kay Sarah na piliin ang ganoong uri. Subalit pinili niyang manatili kasama ni Abraham.

64 Oh, mga kababaihan, huwag ninyong hayaang bulagin kayo ng diablo, sa pagiging tanyag at pakikianib sa *ganito* at *ganoon*. Manatili kayong kasama ni Cristo! Sapagkat, malapit na ang panahon, nakaamba na ang matitinding pagkawasak, na mas masahol pa kaysa sa Sodoma at Gomorra noon, para sa bansang ito. Ang Sodoma at Gomorra ay mas mabuti pa kaysa rito.

65 Ngayon, habang pinili ni Abraham ang daan na ibinigay sa kanya ng Diyos, at nasa kanya ang di-matabang bahagi ng lupain, talagang hindi siya sagana. Ngunit ganoon pa man alam niya ang isang bagay, pinaglilingkuran niya ang Diyos at sinasampalatayanan niya ang Diyos.

66 Kaya isang araw ay may dumating na tatlong lalaki, at talagang maalikabok sila at pagod na, at nahahabag si Abraham sa kanila, sabi niya, "Pumarito kayo at maupo sa ilalim ng punong encina sandali." At habang nakatayo siya roon na nakikipag-usap sa kanila, napagkilala niyang hindi sila pangkaraniwan lang na mga tao, sa kanilang pag-uusap-usap. Kakaiba sila. At umalis si Abraham at nagkatay ng guya at ipinaluto iyon, at pinagawa si Sarah ng tinapay at pinaghanda para pakainin sila.

67 Ngayon alalahanin n'yo, ang dalawa sa kanila ay mga Anghel, mga Anghel na nasa katawang-tao, at ang isa sa kanila ay ang Diyos Mismo. At ang Isa na siyang Diyos ay nakatalikod sa tolda.

68 At nanatili si Sarah sa loob ng tolda. Gusto kong makita ang isang babae na manatili sa kanyang lugar na katulad niyan, hindi 'yung lumalabas at sinasabihan ang kanyang asawa kung ano ang gagawin, at sa tuwing may dumarating. Kundi nanatili siya sa loob ng tolda. Walang alinlangan, marahil naghuhugas ng mga pinagkainan o may kung anong ginagawa.

69 At itong Isa Na Diyos, lingon Siya nang lingon sa gawing Sodoma, at sinabi Niya sa kanila kung ano ang gagawin Niya. At dalawang Anghel ang nagtungo roon para ipangaral ang Ebanghelyo. Ngunit nanatili ang Isa roon, iyon ay 'yung Isa na Diyos, at sabi Niya, "Hindi ko ililihim kay Abraham ang mga lihim na nalalaman Ko, sapagkat siya ang magmamana ng sanlibutan."

70 Oh, may karapatan tayo ngayong umaga, iglesya, na malaman ang mga lihim ng Pagparito ng Panginoon. Sapagkat, "Mapalad ang mga mapagpayapa, sila'y tatawaging mga anak ng Diyos. Mapalad ang mga nangagugutom at nangauuhaw, sila'y bubusugin. Mapalad ang mga malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapalad ang maaamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa." Kung gayon, kung mamanahin ng iglesya ng buhay na Diyos ang lupa, walang lihim na itatago mula rito.

71 "Ang lahat ng sinabi sa Akin ng Ama, ay sinabi Ko naman sa inyo," sabi ni Jesus. At hindi nila Siya mapaniwalaan.

72 Kaya sa panahon ni Abraham, gaya ng tinutukoy Niya noon sa kanila, sinabi Niya na gaya ng nakikipag-usap si Abraham sa Anghel, at nakatalikod Siya sa tolda, at sinabi Niya kay Abraham na dadalawin Niya ito sa pamamagitan ng isang anak. At si Sarah, na nasa loob ng tolda, ay tumawa. At sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah?" Ano ba ang ipinakikita Niya? "Bakit tumawa si Sarah?" Ilang oras lamang iyon bago ang pagkawasak, noong nangyari iyon. Bago lamang ang pagkawasak, bumaba ang apoy na iyon mula sa kalangitan at tinupok ang bayan na iyon, at ipinamalas ang tanda na iyon.

73 At sinabi ni Jesus, "Nagkakamali kayo," sa mga kilalang doktor ng dibinidad, sa isang relihiyosong bansa na totoong milyun-milyon ang mga mananampalataya. Sabi Niya, "Nagkakamali kayo, dahil hindi ninyo alam ang Mga Kasulatan ni ang Kapangyarihan man ng Diyos." Sa isang henerasyon na kagaya niyon, na mga sinanay nang husto na mga tao, na mga iskolar at lumaki sa simbahan. Kapag naisilang ang isang bata, pagmamay-ari na iyon ng iglesya. Kinakailangan mong maging Israelita. Walong araw matapos kang isilang, ay ang pagtutuli, at Israelita ka na umpisa pa lang. At ang pagkasaserdote ay mula sa mga Levita, na sinanay sa loob ng daan-daang taon sa Mga Kasulatan. Gayunma'y sinabi ni Jesus, "Nagkakamali kayo, dahil hindi ninyo alam ang Mga Kasulatan!" Alam nila ang mga iyon sa sarili nilang aklat ng katuruan, alam nila iyon sa pamamagitan ng kanilang mga katesismo, alam nila iyon sa pamamagitan ng sarili nilang teolohiya. Subalit sabi ni Jesus, "Hindi ninyo Ito nalalaman, ang Mga Kasulatan, ni hindi ninyo alam ang Kapangyarihan ng Diyos. Kung kilala ninyo si Abraham, nakilala n'yo sana Ako. Kung mga anak nga kayo ni Abraham, ay nakilala n'yo sana Ako, sapagkat nagalak si Abraham noong makita niya ang Aking araw, dahil nakita na niya ang araw na ito bago pa. Noong tumayo Ako sa harapan niya noon doon, sa isang katawang-tao, at ipinamalas ito, nalaman niyang Ako nga iyon, at tinawag niya Akong 'Elohim.' Subalit heto't ginagawa Ko ang gayon ding bagay sa inyong harapan, at tinatawag ninyo Ako na 'Beelzebub.'"

"Oh," sasabihin nila, "ama namin si Abraham."

"Tinatawag ninyo si Abraham na inyong 'ama'?"

74 Sabi nito, "Aba, kami, kabilang kami sa iglesya. Kami ay isang relihiyosong bansa. Kami ay isang dakilang bayan. Bayan kami ng Diyos!"

Sabi ni Jesus, "Kayo ang diablo, siya ang inyong ama."

75 Maihahalintulad ko ang henerasyong iyon sa isang ito, ngayon, kung kailan talagang milyun-milyong tao ang nag-aangkin ng Cristianismo, at hindi alam ang tungkol sa

Diyos kung paanong hindi rin alam ng isang Hottentot ang tungkol sa mga kuwentong bayan ng Egipto. May mga lalaki at mga babae ngayon, totoong milyun-milyon na nagpapahayag na mga Cristiano na nag-aangkin kay Cristo, na hindi alam ang unang panuntunan ng Kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay, at hindi nakalasap kailanman ng Kanyang kabutihan. Hindi nila naramdaman kailanman ang Kanyang Kapangyarihan. Nangabulag na ang mga mata nila sa Katotohanan.

76 Sabi, "Kayo'y mga bulag, mga taga-akay ng mga bulag. Hindi. . . ang. . . kung aakayin ng bulag ang bulag, hindi ba sila kapwa mahuhulog sa hukay?"

77 Pagkatapos ay naisip nila, "Mga Cristiano kami. Mga mananampalataya kami. Kabilang kami sa pinakamatataas na mga iglesya na mayroon. Ang mga guro namin ay ang pinakamahuhusay na sinanay na mga iskolar nga sila." At gayunma'y sinabi sa kanila ni Jesus na ni hindi nila alam ang Mga Kasulatan.

78 Nakita n'yo na kung paanong inilihim iyon ng Diyos sa mga mata ng pantas at matatalino, at ipinahayag iyon sa mga sanggol na mangatututo? Oh, ang dakilang Kapangyarihan at ang pagiging walang hanggan ng Diyos! Napakabuti Niya sa mga nagnanasang lumakad nang matuwid sa harapan Niya! Hindi Siya magkakait ng mabuting bagay.

79 At ang makita ang araw kung saan ang ating bansa, ang ating mundo, ay pinasama na sa ganoon ding bagay!

80 Gusto ni Jesus na ituwid sila nang tama. Sabi nila, "Oh, ama namin si Abraham. At paroroon kami sa Kaluwalhatian, huwag Mong alalahanin ang tungkol doon, dahil nananampalataya naman kami sa Diyos. Mga nag-aangkin kami, at nananampalataya kami sa Diyos, at tinuturuan namin ang aming mga tao. At sino Ka para magpunta rito na may isang—isang mahiwagang munting kung anong tanda at ipipilit Mong tawagin ito na Diyos? Ikaw ay wala nang iba pa kundi isang Beelzebub." Hayan nga, taglay nila ang kanilang mga kredo at ang kanilang denominasyon.

Sinabi sa kanila ni Jesus, "Kayo ang diablo." Isipin n'yo iyon!

81 At nais kong ihalintulad ang henerasyon na iyon dito, sa panahon ngayon kung kailan milyun-milyon ang umaanib sa mga iglesya, may laksa-laksa na tayo. At bumababa ang Diyos upang manahan na muli sa Kanyang iglesya, at upang gawin ang mga gayunding bagay na ginawa Niya noon, upang itanyag ang Kanyang Sarili bilang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At tinatalikuran ito ng mga tao, nang tuluy-tuloy, ang iba'y para maging sikat, ang iba nama'y para hindi na makapamilì. Ipinipilit ito sa mga tao! Kailangan mong mamilì.

Hindi ka maaaring pumagitna. Kailangan mong magsabi ng "oo" o "hindi." Hindi ka lalabas ng pintuang 'yan na katulad pa rin nung dati nang pumasok ka. Hindi mo puwedeng gawin iyon. Kailangan mong mamilì. Gawin mo na iyon para kay Cristo ngayong umaga.

82 Akala nila na lahat ng mga kabilang sa iglesya ay maliligtas. Sabi ni Jesus, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong niyon."

83 Hayaan ninyong balaan ko kayo ngayong umaga, iglesya, mag-ingat kayo. Magaganap na ito ngayon, sa ating mapagmatuwid, sobrang tiwala sa sarili na henerasyon ng pagkukunwari na kinabubuhayan natin. Isang oras kung kailan nakatayo ang mga kalalakihan at kababaihan sa mga simbahan at sa mga upuan ng simbahan, at umaawit ng mga awitin sa Diyos, at lalabas ng simbahang 'yon at hihitit ng sigarilyo, at iinom ng whiskey, at dadalo sa mga sayawan, at—at mamumuhay para sa sanlibutan, at magkukuwento ng marurumi, mahahalay na mga biro, at tatawagin ang sarili nila na "mga Cristiano." Kung kailan ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagagawang lumakad mula sa pulpito o mula sa iglesya, at mula sa dako ng Kapangyarihan ng muling pagkabuhay, kung saan ang siya ring tanda ng Mesiyas ay kumikilos sa gitna nila, at hindi maging isang bagong nilalang kay Cristo, may kung anong mali. Gayong kaya itong palaganapin ng mga pahayagan; at sa baybayin patungo sa baybayin, pabalik-balik, magmula sa mga nagyeyelong rehiyon ng Hilaga hanggang sa mainit na mga kagubatan ng Timog, isinusugo iyon ng Diyos, at patuloy namang tinatalikuran iyon ng mga tao. Kung gayon anong masasabi natin, anong magagawa natin? Bumalik tayo sa Mga Kasulatan kung saan sinabi Niya, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong niyon."

84 Sabi Niya, "Kung paano ang nangyari noong panahon ni Noe, gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Makinig kayo, sa panahon ni Noe, ang sanlibutan ay pinananahanan gaya nito ngayon. Ang kanilang agham ay higit pa kaysa sa agham natin. Nagtayo sila ng mga sphinx at mga piramide at gumawa ng mga bagay na hindi natin kayang gawin ngayon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Isang labis-labis, na dakila, matatalinong tao. At alalahanin n'yo, sinasabi ng agham ngayon, "Isang minuto na lang bago maghating-gabi." Isang minuto na lang bago ihudyat ng orasan ang kalaliman ng gabi. Mas malapit pa sa iniisip natin. Ako'y umaasa na ang—nagtitiwalang ibabaon ito ng Espiritu Santo sa puso ng bawat mananampalataya, "kung paano sa panahon ni Noe"!

85 Ilan ba ang naligtas noong panahon ni Noe, mula sa henerasyong iyon? Walo, walo sa milyun-milyon. Sabi Niya,

"Gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao."

86 "At kung paano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Sa laksa-laksang iyon, tatatlo ang naligtas.

87 Sasabihin n'yo sa akin kung gayon, "Mangangaral, paano naman 'yung lahat ng mga libu-libo na sasama sa Kanya?" Ngayon, kapatid, binubuo iyon ng nagdaang maraming henerasyon.

88 Magugulat ako kung isang dosena ang makakasama mula sa henerasyong ito. "Makipot ang pintuan, at makitid and daan, at kakaunti lamang ang nakasusumpong nito."

89 Oh, batid ko ang mga iglesya, kung ano ang sinasabi nila, "Kung ilalagay mo ang iyong pangalan sa aklat at maging isa ka nang miyembro, *ganito*, ayos ka na." Walang ganoong Kasulatan. Kung ang lahat ay inilagay ang pangalan sa aklat, at sa—sa iglesya, mayroong bilyun-bilyon na makabilyong ulit, na pawang makakapasok lahat. Kung ganoon lahat na ng uri ng espiritu ay paroroon, at anong uri kaya ng kalagayan ang kahihinatnan ng Langit? Isipin n'yo nga iyon ngayon.

90 Gaya nga ng sasabihin ng isang tao sa akin, "Ngayon sandali lang muna, Kapatid na Branham. Sina *Ganoon-at-ganoon*, narinig ko silang nagsalita ng iba't ibang wika, alam kong makaparoroon sila."

91 Hindi 'yun nangangahulugan na makaparoroon nga silang talaga. Sabi ni Pablo, sa Unang Mga Taga-Corinto 13, "Bagaman ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, at walang pag-ibig, ako'y walang kabuluhan."

92 "Oh, nagpunta ako sa pagtitipon ni *Ganito't-ganoon*. Oh, gumawa siya ng mga dakila't makapangyarihang mga gawa. Nakita ko siya na binuksan ang paningin ng bulag."

93 Ganoon pa man maaari pa rin siyang mapahamak. "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na yaon at magsasabi, 'Panginoon, hindi baga ako nangaral sa Iyong Pangalan, nagpropesiya? Hindi ba, sa Iyong Pangalan, ay nagpalayas ako ng masasamang espiritu? Hindi ba, sa Iyong Pangalan, gumawa ako ng maraming gawang makapangyarihan?' Sasabihin Niya, 'Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan, ni hindi Ko kayo nakikilala.'" "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong nito."

94 Hayaang bigyan ko kayo ng ilang pagtatantya na yayanig sa inyo. Ayon sa agham ng medisina, sa siyudad ng Chicago, ayon sa estadistika ng doktor, na may tatlumpung libong kaso ng pagpapalaglag sa Chicago pa lang, sa loob ng tatlumpung araw, na isinasagawa ng mga doktor. Ilan ba rito sa maliliit na

mga pills na ito at mga bagay na iniinom nila, ang sa kaso ng aborsyon?

95 Ipinapakita ng estadistika, sa Estados Unidos, na mas marami ang isinisilang na bastardong bata kaysa sa mga bata na mula sa sagradong kasal. Alam n'yo ba na sinabi ng Biblia, sa Deuteronomio 14:2, na ang "isang bastardong anak, kakailanganin ng apat na raang taon para tuluyang matapos iyon"? Ang anak ng anak ng anak ng anak ng kanilang mga anak ay hindi makatatayo sa kongregasyon ng Panginoon, ng apat na raang taon, sampung henerasyon. Apatnapung taon sa isang henerasyon. Kung ang kanilang kalolo-lolo-lolo-lolo-lolo-lolo-lolo-lolohan ay isang bastardong anak, wala na siya sa eksena! Ngayon ano? Ipakita n'yo sa akin kung saan nabago iyon.

96 Ano nang kinahinatnan natin? At ngayon ang mga bastardo, dahil sa pangangalunya, at ang mga makasalanang kababaihan na nagsisipanamit sa mga lansangan na gaya ng lalaki, na isang kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos, mga naninigarilyo, umiinom ng alak, mga naturingang nag-aangkin na mga Cristiano. Huwag nawang itulot ng Diyos ang ganoong santambak na mga patutot! Siyanga. Pagkatapos tatawagin ang mga sarili nila na mga Cristiano? Kaya naman pala sinabi ni Jesus, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, subalit kakaunti ang makasusumpong niyon."

97 Ayaw nilang magpakumbaba ng kanilang mga sarili. Mapormal sila. Tingnan n'yo, noong sinabi kay David ang kanyang kasalanan na nagawa niya, kaagad-agad siyang nagsisi, at minahal siya ng Diyos dahil doon. Sabihan mo sila ng kanilang mga kasalanan, sasabihin nila, "Hinding-hindi na ako babalik pa rito." Bakit? Marami silang lugar na mapupuntahan, makakapunta sila roon sa mga ilehitimong lungga na puwede ang mga ganoon. Subalit panahon na para isuot ng mga mangangaral ang buong kagayakan ng Diyos at ipangaral ang Salita nang walang pakikipagkompromiso, ang Ebanghelyo. Kailangang magpakumbaba ang mga tao.

98 Wala nang katapatan pa sa gitna ng mga Cristiano. Gusto nilang sabihin, "Methodist ako, Baptist ako, Pentecostal ako," hindi iyon nangangahulugan ng *ganoon* sa Diyos. [Ipinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.]

99 "Nagsalita ako ng iba't ibang wika, gumawa ako ng mga himala." Iyon ang lubos na binibigyan natin ng diin, gayong iyon ang siyang pinakanakakabulag na mga bagay na magagawa nila. Sigurado. Bumabagsak ang ulan sa matuwid kung paano rin naman sa di-matuwid. Dinidiligan ng ulan ang mga pananim gaya ng dinidiligan din naman nito ang mga damo, Roy. Ang iisang ulan, ang iisang Espiritu Santo ay bumababa sa mga tao. Hindi pa rin iyon nangangahulugang . . . Tiyak na magkaiba ang kanilang kalikasan, mula sa loob-palabas. Hindi panlabas na

pagpapakita o pagpapamalas, kundi ang nasa loob na Espiritu ng buhay na Diyos ang siyang nakakapagpabagong-nilalang sa taong iyon, na nagpapakumbaba ng kanyang puso o ng puso nito sa harapan ng Diyos.

100 Sasabihin n'yo, "Mangangaral, ibig mo bang sabihin sa akin na pinag-aalinlanganan mo ang isang dosena mula sa milyun-milyong ito at apat na bilyong tao sa mundo?" Nag-aalinlangan ako na may isang dosena na makakasama sa Pag-agaw. Isipin n'yo iyon! Sinasabi ko sa inyo ang sinabi ni Jesus dito sa Ebanghelyo. Isipin n'yo iyon!

101 Ano na ba ang kinahinatnan nito? Dahil nakapasok na ang imoralidad sa gitna ng mga tao, nagsimula nang maisilang ang mga bastardong anak, binubura na tuloy sila niyan. Kita n'yo, makapananatili tayo rito ng maraming oras, inilalagay ang mga bagay na iyon, at makikita n'yo na nabubuhay tayo sa isang imoral, kasumpa-sumpa, sagad-sa-pagkabulok na henerasyon ng mga tao. Hindi nakapagtatakang wala silang makitang mga tanda, hindi nakapagtatakang ayaw nilang marinig ang Ebanghelyo, naging matigas na kasi sila, gayunma'y napakarelihiyoso at deboto.

102 Hindi ba't sinabi ni Jesus na, "Hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling araw sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa sa Diyos, mga walang habag, mga walang pagpipigil sa sarili, mababangis, at hindi mga maibigin sa mabuti, na may anyo ng kabanalan"? Kita n'yo? Oh, maaaring sumigaw kayo, oo. Maaaring magsalita kayo ng iba't ibang wika, oo. Palalayasin ng pananampalataya ang mga diablo, oo. Subalit hindi iyon ang pinag-uusapan natin.

103 Saka sasabihin n'yo sa akin, "Kapatid na Branham, ano ba ang tanda ng isang Cristiano? Sino ba ang maliligtas? Ikaw ba, Kapatid na Branham?" Itinitiwala ko iyon sa Diyos. Hindi ko alam. Nananampalataya ako na ako nga. Ikinukumpara ko ang aking buhay, araw-araw, sa Salita. Kung hindi umaayon ang buhay ko sa Salitang ito, kung ganoon may mali, kailangan kong bumalik at maitama.

104 "Buweno," sasabihin, "Kapatid na Branham, kapag nagsasalita ba ng iba't ibang wika ang mga tao, hindi ba ibig sabihin nun na ligtas sila?" Hindi, po! Hindi, talaga! Narinig ko nang nagsalita ng iba't ibang wika ang mga mangkukulam at mga salamangkero, lahat na ng uri ng walang kabuluhan. Nakakita na ako ng mga tao na nagsasalita ng iba't ibang wika at tapos ay kinakasama ang asawa ng ibang lalaki. Nakakita na ako ng mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika, at nagtatatalon at sumisigaw na para bang nasusunog ang bahay, at tapos ay lalabas at mandaraya sa mga transaksyon, at magnanakaw, magsisinungaling, at lahat na. Paano n'yo pa kaya maaasahan iyon? Hindi, po.

105 Kaanib sa iglesya, mga diakono sa iglesya, relihiyosong-relihiyoso. Aba, sa palagay n'yo ba bibili sila ng gasolina nang Linggo? Hindi. Pero sa Lunes ay gagawa ng bagay na marumi at bulok at masama. Nananahan ang Diyos sa puso, hindi sa panlabas, ito'y isang bagay na nagmumula sa puso.

106 "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong niyon." Kung paano noon sa panahon ni Noe, walo sa milyun-milyong iyon; kung paano noon sa panahon ng Sodoma, tatlo sa milyun-milyon; ganoon din ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.

107 At nakikita n'yo ang kabulukan na kinasasadlakan natin. Nakikita n'yo kung paanong ang bawat imahinasyon, ng tao, lalabas siya roon at patatayuin ng diablo ang mga magagaling na mangangaral sa pulpito at hahayaan ang mga tao na makalusot sa ganoon.

108 Sinabi ng isang tao noong isang araw, "Hindi kita patatayuin sa pulpito ko, mababaliw sa iyo ang mga kababaihan ko." Hindi, ganoon na nga sila. Dadalhin sila nun sa kanilang tamang katinuan, ang sabihin sa kanila roon na tigilan na nila ang pagsusuot ng mga ganoong damit at gayong mga bagay. At, buweno, kailangan talagang merong gumawa niyon.

109 Sabi ko sa asawa ko, "Nawala na ba ako sa katinuan, ako mismo? Baliw na ba ako? O, ano bang nangyayari sa akin?" May bagay sa loob na hindi matahimik. Kailangan kong sabihin Iyon, wala akong pakialam kahit ano pa ang sabihin ng iba.

110 Sasabihin, "Sisirain mo ang ministeryo mo." Buweno, anumang ministeryo na sisirain ng Ebanghelyo, ay dapat na masira.

Bigyan nawa tayo ng Diyos ng katapangan na manindigan sa kung ano ang Katotohanan at sabihin ang Katotohanan tungkol dito! Kasalanan iyon, isang kahihiyan!

111 "Makipot ang pintuan," sabi ni Jesus, "at makitid ang daan." At kayong iniisip na milyun-milyon, at lahat kayong mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal na magsisipasok, masisira kayo sa araw na iyon. Sabi ni Jesus, "Marami ang magsisiparoon at mauupo sa Kaharian, magsasabi, 'May karapatan ako na maparito.'" Sabi Niya, "Subalit ang mga anak ng Kaharian ay itataboy sila palabas. Doon na nga ang pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." Mabuting magsuri ka na ngayong umaga, Cristiano. May sampung makamilyong makabilyong beses ng mga nag-aangking Cristiano, at matatag sa kanilang buhay, na di-makakapasok sa pintuan. Sinabi ni Jesus ang gayon.

"Ilan ba ang makakapasok?"

112 Hindi ko alam kung ilan ang makakapasok. Ang tanging bagay lang ay, "Diyos, itulot Mong maging isa ako sa mga

iyon!" Ganoon nga. Siya ang Tagahatol. "Itulot Mong maging isa ako roon."

113 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, papaano mo masasabi kung gayon kung isang Cristiano nga?"

114 Hindi ko alam. Subalit hayaan n'yong sabihin ko sa inyo kung ano ang sinasabi ng Kasulatan. Tiyak na pinaniniwalaan ninyo Iyon. Noong isinugo ang Banal na Espiritu sa lupa, nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Isinugo Niya ang isang anghel noon—noon, muna. At sabi Niya, "Pumaroon ka sa bayan at sa gitna ng mga tao, at maglagay ka ng tanda sa kanilang noo, sa kanila na nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam, na itinutuwid ang mga bagay na iyon."

115 Ano ba ang kasuklam-suklam? Ang isang babae na magsusuot ng kasuotang panlalaki. Nasusuklam ang Diyos dito. Napunta na ba kayo sa kung saan may bagay na kasuklam-suklam? Gaanong naririmarim ka rito! Hindi mo matagalan iyon. Ang isang babae na magsusuot ng damit na panlalaki, ganoon ang pakiramdam ng Diyos; maaaring kumakanta ka nga sa choir, maaaring nagdarasal ka nga araw-araw, at sumisigaw araw-araw, o namumuhay para sa Diyos araw-araw, pero ikaw ay nahatulan na sa Presensiya ng Diyos. Ganoon mismo ang sinasabi ng Kasulatan. "Isang kasuklam-suklam!" At ang mga ipinagtatanggol ang ganoon ay makakabahagi sa ganoon.

116 Biyayaan nawa tayo ng Diyos na manindigan laban sa ganoon. Kung kinakailangan mong manindigang mag-isa, manindigan ka riyan at hawakan mo ang Salita ng Diyos sa iyong kamay. Hindi Iyon kailanman mabibigo.

117 Ngayon ay humantong na tayo sa isang panahon, kung saan, ay ang mga kasuklam-suklam na ginagawa ng mga tao. At humayo na ang Anghel na muli na namang nagtatatak. Ihanap n'yo ako ng isang tao sa Jeffersonville, kung gusto ninyong malaman kung sino ang makakasama, ihanap ninyo ako ng isang tao sa ating siyudad na bumubuntong-hininga at tumatangis, palaging nababagabag at pinanghihinaan na, at ipinagdarasal ang mga kasuklam-suklam na bagay na nagawa doon sa siyudad. Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay at ituro iyon sa isang tao? Kung gayon kunin n'yo ang Kasulatan na ito, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, na patungo sa Buhay, kakaunti ang makasusumpong nito." Iyon lamang ang mga tatatakan.

118 Oh, marami akong maipapakita sa inyo na mga nagsisimba. Marami akong maipapakita sa inyo na mga kumakanta sa choir. Marami akong maipapakita sa inyo na mga nagtuturo ng Sunday school. Marami akong maipapakita sa inyo na mga pinuno ng—ng mga tanyag na samahan. Marami akong maipapakita sa inyo

na mga sumisigaw, marami na mga nagsasalita ng iba't ibang wika, marami na mga gumagawa sa gawaing pang-Ebanghelyo.

119 Subalit ipakita n'yo sa akin ang isa na sa kaibuturan ng kanilang puso ay labis na nababagabag sa mga kasalanan ng sanlibutan! Ipakita n'yo sa akin ang isang mangangaral na makakapanindigan ngayon at kokondenahin ang mga denominasyon na iyan. Ipakita n'yo sa akin ang isang mangangaral na maninindigan at sasabihin ang mga gayong bagay, at kokondenahin ang mga denominasyon na iyan. Maiging huwag na niyang gawin pa, kasi patatalsikin siya, iyon pa naman ang pinagkukunan niya ng ikabubuhay.

120 Hindi nakapagtatakang nasabi ni Billy Graham kay Jack Moore, sabi, hindi niya maintindihan kung papaanong nakakapagpatuloy ang mga pagtitipon ko, sabi, "Hindi siya Baptist, ni hindi rin siya Methodist o Pentecostal." Sabi, "At laban silang lahat sa kanya." Oo, hindi ko sinasabi na . . . Ang dahilan kaya sinabi ko, hindi ko iyon masasabi nang hayagan sa publiko. Sinasabi ko iyon sa sarili kong iglesya. Nakikipagbuno ako, dahil ang oras ng pagsubok ay nasa akin na.

121 Sinasabi nila, "Kung pupunta ka, magiging ayos lang, pero huwag kang magbanggit ng anuman tungkol Diyan." Mas mabuti pa sigurong huwag ka nang mag-aksaya pa ng laway mo.

122 Ipangangaral ko kung ano ang sinabi ng Diyos na ipangangaral ko! Siyanga. Ang isa sa walong iyan ay nasa kung saan. Ang isa sa kanila ay nasa isang dako. Subalit sa araw na iyon ayaw kong magkasala ng pagsasabing nakipagkompromiso ako dahil sa kung anong kredo o kung anong doktrina ng iglesya, o kung anong denominasyon. Ipinangaral ko ang Katotohanan!

123 Sabi nila, "Bakit hindi ka, bakit ang ministeryo mo ay hindi, Kapatid na Branham, na mukhang kamangha-mangha naman, bakit hindi ito lumalaganap na gaya ng ginagawa nitong ibang mga kalalakihan?"

124 Iyon na nga mismo diyan. Iyon na. Pupunta ako sa isang siyudad, sa palagay n'yo ba makikipagtulungan sa akin ang Assemblies of God? Hindi sa kung anong pinaniniwalaan ko, hindi sila. Maaaring makakuha ako paminsan-minsan. Sa palagay n'yo kaya makikipagtulungan ang mga Methodist? Subukan n'yo, at alamin. Maging tagapangasiwa ko kayo ng isang linggo. Kung papasok kayo, papasok kayo sa Pangalan ni Jesus. Siyanga.

125 Oh, siyempre pa, dadalhin ka nila roon, oo, dadalhin ka roon sa kung saang lugar, at para wala kang ugnayan sa kanila sa anumang paraan na gaya niyon. At pag-alis mo, sasabihin, "Oh, ngayon, medyo nawawala nang kaunti sa pag-iisip si Kapatid na Branham, alam n'yo na. Siya . . . "

126 Kung wala ako sa pag-iisip, kung gayon ang Biblia ay wala rin sa Aral. Ganoon ang sabi ng Biblia! Siyanga, po. Pansinin n'yo!

127 Sinabi ni Jesus, "Bakit ninyo Ako tinatawag na 'Beelzebub'? Pinaniniwalaan ninyo si Solomon, ang kanyang tanda ng pagkilala. Pinaniniwalaan ninyo ang kanyang panahon. Ang Reyna ng Katimugan ay nanggaling pa sa mga dulo ng daigdig, upang makita ang kaloob na iyon, at naniwala siya rito nang makita niya ito. At nauupo kayo at pinagmamasdan ninyo ito araw-araw, at hindi ito pinaniniwalaan."

128 At pati Sarili Niyang mga kapatid ay hindi naniniwala sa Kanya. Sabi, "Pumunta kayo sa pista," sabi Niya, "subalit hindi Ako pupunta ngayon." Nagpunta Siya sa ibang direksyon, dahil hindi Siya pinaniniwalaan ng Sarili Niyang mga kapatid. Siyanga. "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong Nito."

129 Pagdating naman sa mga alagad, doon sa paglalantad, nasaan ba sila noon? Isang babae at isang lalaki ang tumayo sa tabi ng krus kasama Niya, si Juan at si Maria. Wala na ang lahat ng iba pa sa kanila.

130 Ito na ang paglalantad. Ito na ang oras. Ito na ang panahon kung kailan gumagawa ng mga bagay-bagay ang Diyos. Ito na ang panahon kung kailan nasa lupa ang Mesiyas. Ito na ang panahon kung kailan kumikilos ang Kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang mga tao. At tinatawag nila sila na "mga holly-roller, may sayad, baliw," oh, mga ganoon. Subalit oras na!

131 Siguradong magkakaroon ng mga matitinding pagkabigo sa araw ng paghuhukom.

132 Oh, ang nagbebenta ng alak, alam na niya ang patutunguhan niya sa paghuhukom. Ganoon din naman na alam na ng sugapa sa alak kung saan siya patutungo. Ganoon din na alam na ng patutot kung saan siya tatayo. Ganoon din na alam na ng sugarol kung saan siya tatayo. Ganoon din na alam na ng lasenggo kung saan siya tatayo. Hindi siya mabibigo.

133 Subalit kung saan naroon ang kabiguan, ay doon sa mga nag-akalang tama sila. Doon ang pagkabigo. "Nang dumating sila roon, sabi, 'Tunay nga, na nagpalayas kami ng mga demonyo sa Iyong Pangalan. Mga mangangaral kami. Kabilang kami sa ganito't ganyang mga iglesya. Gumawa kami ng mga dakilang himala. Oh, nangaral kami! Aba, ako'y naging isang—naging tagapamahala ako sa iglesya. Naging obispo ako. Naging *ganito* ako.' Lumayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan, hindi Ko kayo nakikilala." Hayan nga. Iyon ang kabiguan. Sabi Niya, "Paroroon ang anak ng kanilang mga anak at mauupo sa Kaharian, magsasabing, 'May karapatan kami na maparito,' at sila'y itatapon sa kadiliman sa labas, kung saan doon nga ang pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga

ngipin." "Makipot ang pintuan, makitid ang daan, na patungo sa Buhay, kakaunti ang nakasusumpong niyon."

134 Sa inyo, mga minamahal kong mga tao, ngayong umaga, pakinggan ninyo ito. Hindi ko gawa-gawa ito. Pananagutan ko na sabihin Ito. Iyon lang ang pananagutan ko. Kung hindi na ako makapangaral pa ng ibang pangaral sa buhay ko, iyon ang Katotohanan: mayroon lamang kakaunting tao na maliligtas. Basta tandaan n'yo iyan: kakaunti lang. Maging isa kayo sa kanila.

135 "Sinu-sino ba sila, Kapatid na Branham?" Hindi ko alam. Wala nang iba pang nakakaalam. Isinasagawa natin ang ating sariling kaligtasan na may takot at panginginig.

136 Subalit luminya kayo sa Diyos. Kung hindi tumitibok ang inyong puso nang talagang kasabay ng Bibliang iyan, kung gayo'y may bagay na mali, may bagay na mali. Kahit ano pa man ang sinasabi ng inyong iglesya, hindi ka makakapasok sa pamamagitan niyon. Kailangan mong pumasok sa pamamagitan ng kung ano ang sinabi ng Diyos. Sa Aklat na ito ka hahatulan, sa Biblia. Manatili ka Rito!

137 "Oh," sasabihin mo, "buweno, nabautismuhan na ako sa Pangalan ng Panginoong Jesus." Tama iyon, Biblia nga iyon. Subalit kung hindi iyon sinusundan ng buhay na 'yan, walang gaanong naidulot na mabuti na nabautismuhan ka.

138 Sasabihin mo, "Buweno, natanggap ko na ang Banal na Espiritu." Mabuti 'yan, ganyan nga dapat ang ginawa mo. Subalit kung wala 'yung buhay na iyon diyan sa loob!

139 Alalahanin ninyo, tumatanggap ang damo ng gayun ding kapangyarihan na bumababa sa mga trigo para patubuin iyon, na nagagawa ring pasigawin ang damo. Tumatayo nang diretso 'yung munting abang damo at kasing saya rin ng trigo. Siyanga, nabubuhay sa iisang buhay. At magagawang manatili ng isang makasalanan sa Presensiya ng Diyos, sumigaw ng tagumpay, at mamuhay na gaya ng isang Cristiano. Subalit kung wala namang anumang ipinagbago sa puso! Maaari siyang magkaroon ng gayon ding Kapangyarihan upang magpalayas ng masasamang espiritu. Sinabi iyon ni Jesus. Kaya niyang ipangaral ang Ebanghelyo na kapareho ng magagawa ng iba pang mangangaral. Ganoon na ganoon nga, sinabi iyon ni Jesus. Itinuturo iyon ng Biblia. Siyanga, po. "Kung makapagsalita man ako ng wika ng mga tao at ng mga anghel, at kahit ibigay ko ang aking katawan upang sunugin bilang isang handog, ipamigay ko man ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, ako—may pananampalataya man ako upang mapalipat ang mga bundok, gawin ko man ang lahat ng mga bagay na ito, mangaral man ako sa Kanyang Pangalan, magpalayas man ako ng mga demonyo sa Kanyang Pangalan," sabi niya, "wala

akong kabuluhan." Kaya, kaya niyang gawin iyon, at "walang kabuluhan." Nakuha n'yo ba ang ideya?

140 Ngayon, ang bagay na dapat gawin ay, mula sa inyong puso, maging Cristiano, ngayon pumasok kayo sa makipot na pintuan. Sapagkat, maluwang ang daan na patungo sa pagkapahamak, at milyun-milyong ulit ng milyun-milyon sa henerasyong ito ng mga mananampalataya ang mapupunta roon. Sapagkat, makipot ang pintuan, at makitid ang daan, tanging ikaw at si Cristo lang.

141 "Makitid ang daan na patungo sa Buhay, at kakaunti lamang ang makasusumpong niyon." Ngayon, iyan ang Mga Salita ng ating Panginoon. Naku! Ano ba ang ginagawa Niya? Nakatayo roon, kinikilala ang kanilang mga pag-iisip.

142 At sabi niya, "Siya ay Beelzebub. Aba, papaano Siya magiging Diyos? Isa Siyang Tao! Saan ba nagmula ang karunungang ito?" sabi nila doon sa Sarili Niyang bayan.

143 Kapag naglakad kayo rito sa siyudad, para bang. . . Hindi ko sinasabi ito bilang pagwawalang-galang sa inyo na mga tao; kayo'y mga Cristiano, mahal ninyo ako. Maglalakad kayo sa siyudad rito, at para bang ibinubuwal kayo ng kapangyarihan ni satanas. Hinatulan na ang lugar na ito. Hinatulan na ang siyudad na ito.

144 Ano ba'ng sabi ni Billy Graham noong pumasok siya ng Louisville? Sabi niya iyon daw ang "lugar na pinakananginibabaw ang kapangyarihan ng demonyo" na nakita niya sa tanang buhay niya. Inilagay iyon sa pahayagan, sabi, "Talagang madadama mo ang pagpapahirap ng diablo."

145 Siyempre, nararamdaman ko iyon. Bakit? Ito ang sarili kong bayan. Noong bumalik si Jesus sa Sarili Niyang bayan, sabi Niya maraming mga gawa ang hindi Niya magawa, dahil sa kanilang di-pagsampalataya. Sabi, "Ang isang propeta ay hindi nawawalan ng karangalan, isang mangangaral, maliban na iyon ay sa kanyang sariling—sa kanyang sariling bayan, sa kanyang sariling mga kababayan." Kita n'yo? Hindi n'yo mapipigilan iyon, ganoon ang sinasabi ng Kasulatan. Kita n'yo?

146 Ngayon, kapag naglakad kayo rito sa bayan! At huwag ninyong sabihin sa akin na hindi ko iyon malalaman. Lumalapit ako sa mga tao na nakikipagkamay sa akin at ang sabi, "Oh, Kapatid na Branham, mahal kita." At alam mong kasinungalingan iyon! Alam mong kasinungalingan iyon. Kung nasasabi ng Diyos sa akin ang pagkilala sa puso, bakit hindi ba Niya masasabi iyon sa akin?

147 Sigurado, at mismo sa gitna ng sarili mong mga kababayan sa palibot ng siyudad! Kapag nakita ka nila, sabi, "Buweno, alam mo, nakita ko kung saan ang isang ganito't ganyang. . . "

"Saan? Saan iyon?"

"Diyan sa itaas ng . . ."

"Huh! Kilala namin ang lalaking iyon!"

148 Nararamdaman mo iyon. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, papuntahin mo sa iyong bahay ang isang tao na hindi ka gaanong gusto, mauupo sa bahay mo nang saglit lang at mararamdaman mo 'yung kakatwang pakiramdam. Paramihin mo iyon nang labing-apat na libong beses ngayon, saka mo mauunawaan ang sinasabi ko. Pagkatapos ay mapupunta ka naman sa isang lugar kung saan mahal ka ng lahat, iyang pakiramdam ng pagtanggap, ay sadyang, oh, naku, at gusto mong manatili na lang doon magpakailanman, kita n'yo. Ganoon iyon, kita n'yo, isa itong espiritu. At hindi alam ng mga tao kung ano iyon, nagtataka sila kung bakit masyado nang naging nakakahawa ang mga tao.

149 Ano ang dahilan na ang mabubuting kababaihan, ano'ng dahilan na nagsusuot ang mga mabubuting babae ng malalaswang damit na 'yon at lumalabas doon? Ano ang dahilan, maging ngayon na malamig pa nga, mga mumunting babaeng labing-anim na taong gulang, na nakasuot ng damit na hindi nga niya dapat isuot sa harapan ng kanyang ina, at tapos naroroon sa lansangan? Iyon ay dahil, hindi ang batang iyon (walang nalalaman ang batang iyon), kundi dahil isang mangangaral sa pulpito ang nabigong gawin ang kanyang tungkulin. Ganoon na nga mismo. Sigurado. Pumupunta roon sa lansangan ang mga kababaihan, at nakasuot ng malaswa at mga ganoong bagay, at tinitingnan sila ng mga makasalanan at hindi niya alam na siya ay para na rin talagang may sala ng pakikisama sa lalaking iyon. Sabi iyon ni Jesus! Sabi ni Jesus, "Sinuman ang tumingin sa isang babae nang may mahalay na pagnanasa rito, ay nagkasala na ng pangangalunya kasama ng babaeng iyon sa kanyang puso, at kinakailangang managot para doon sa araw ng paghatol." Makipot ang pintuan, at makitid ang daan!

150 Alam kong iniisip ninyong mahigpit akong lalaki. Hindi ako mahigpit! Kapatid ninyo ako, at mahal ko kayo.

151 Takasan ninyo ang galit na paparating! Lumapit kayo sa krus at umiyak kayo hanggang sa ang inyong puso ay mapuspos ng Kanyang Espiritu, patatalikurin kayo niyon sa lahat ng bagay ng sanlibutan, at palalakarin na banal sa harapan Niya, na ang inyong puso ay nag-aalab para sa Kanya. Pag-ibig! Hindi isang tungkulin. Hindi isang tungkulin si Cristo, ang maglingkod kay Cristo, pag-ibig ang siyang naglilingkod kay Cristo. Hinihila ka nito, itinutulak ka nito, hanggang sa ang bawat pintig ng iyong buhay ay pumipintig na kasabay Niya. Diyan kung kailan n'yo nakikita ang kasalanan.

152 At umiyak Siya noon sa lupa. Napighati ang Diyos sa panahon ni Noe, noong nakita Niya ang mga puso. At naroon si Jesus doon sa ibabaw ng burol, at nagsabi, "Jerusalem, Jerusalem, makailang ulit Kong ninais na lukuban kayo, subalit

dumating na ang inyong oras at ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak.”

153 Ganoon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng Diyos, ang mga puso ng tunay na totoong mananampalataya ay madudurog. Nakikita niya ngayon na dapat na magkaroon ng rebaybal na mabilis na lumalaganap sa lupaing ito. Paano mangyayari iyon sa pamamagitan ng isang grupo ng mga bastardo? Papaano iyon mangyayari, kung sa simula pa lang ay hinatulan na sila?

154 Ang Kaharian ng Diyos ay gaya ng isang taong naghagis ng lambat sa dagat, at, noong hatakin na niya ito, nakahuli siya ng mga pagong, mga pahás, mga ahas, mga palaka, ilang isda. Hindi siya ang nagpapasya kung alin, basta inihagis lamang niya iyon sa may pampang. Ganoon ang ginagawa ng Ebanghelyo. Ganoon sina Billy Graham, Oral Roberts, ang sarili ko, at lahat ng iba pang mga mangangaral na nangangaral ng Ebanghelyo, inihahagis iyon, hinahatak iyon, “Hayan na sila, Panginoon.” Subalit ano ang ginagawa natin lagi? Napag-aalaman natin, bago ka pa ulit makabalik, naroroon na naman ulit sila sa lawa. Ano ba iyon? Sa umpisa pa lang, pagong na iyon. Hindi siya binago niyon, ang mahuli siya sa lambat ng Ebanghelyo. Pagong na siya sa umpisa pa lang. Pahás na siya sa umpisa pa lang. Ahas na siya sa simula pa lang. Mapagkunwari na siya bago pa man siya nakapasok sa iglesya. Ni wala siyang pagnanasa na itigil man lang ang kanyang paglalasing at pagsusugal, at paninigarilyo at pagsisinungaling, at pagnanakaw. Pumasok lang siya dahil takot siya sa impiyerno. Ginagawa mo ang iyong sarili na lalo pang kandidato para dito, kapag ginagawa mo iyan. Totoo iyon. “Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti ang makasusumpong niyon.”

Tayo’y manalangin.

155 Panginoon, oh, siyasatin Mo po ako, Panginoon. Dinggin Mo po ang kaso ko ngayon, Panginoon. Huwag Mo pong hayaan na kailanganin ko pang humarap sa paghatol sa Iyong harapan, matapos akong mangaral nang ganito. Oh, kung mayroong anumang maruming bagay sa akin, Panginoon, alisin Mo po ito, pakiusap! Nakikita namin ang isang panahon na kinabubuhayan namin, kung kailan ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagiging napakatigas na. Nakakahiya sila. Sinabi Mo po minsan, “Ni wala nang pamumula sa mga anak na babae ng Sion.” Ang kahinhinan nila ay nawala na hanggang sa ni hindi na sila namumula sa hiya. O Panginoon, isipin nga iyon! At nalalamang nauubos na ang oras, isang minuto na lang o dalawa, at darating na ang matinding pagkawasak, kung gayon hayaang ang marumi ay magpakarumi pa.

156 Diyos, gisingin Mo po kaming lahat sa umagang ito. Ligligin Mo kami, Panginoon! Nakikita na namin ang mga tanda

na naglilitawan na. Nakabukas ang mga mata namin para malaman iyon. Milyun-milyon ang nakikita namin, milyun-milyon, Panginoon, na nagsipagtalikod at nagsialis na. Iniisip ko, ano kaya ang magagawa ko, ano ang magagawa ko, O Panginoon? Mayroon po ba, Panginoon? Kung kinakailangan ng mas marami pang pangangaral, mas marami pang panalangin, mas marami pang ano pa man, tulungan Mo po ako, Panginoon, upang madala ko ang Mensahe sa mga tao. Ano kaya ang magagawa ko? Subalit patuloy nila Itong tinatanggihan. Isinasagawa Mo ang Iyong mga dakilang tanda at ipinamamalas ang Iyong mga kababalaghan, at ganoon pa man patuloy pa rin ang mga tao. Ito na po ba iyon na ang Iyong Kasulatan ay dapat na matupad, ito na po ba ang panahon na "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin"? Panginoong Diyos, ipahintulot Mo po ngayong umaga na magising ang mga tao at makita itong huling tanda ng lupa. Dalangin ko, Diyos, na may ipagkakaloob Kang bagay sa mga tao.

157 Pagpalain Mo po ang abang mga tao na ito ngayong umaga. Diyos, umpisahan Mo po kay Kapatid na Neville, Panginoon. Pagalingin ang kanyang katawan. May sakit siya ngayong umaga, Panginoon, sakit sa tiyan. Idinadalangin ko na sumakanya nawa ang Iyong kamay na nagpapagaling. Antigin Mo po ang kanyang kaluluwa.

158 Diyos, pumagitna Ka po sa kongregasyong ito. May mga lalaki at mga babae na nakaupo rito na maaaring hindi ko na sila makita pang muli hanggang sa araw na iyon sa paghatol, sa oras na iyon ay kinakailangan kong managot. Subalit nabasa ko na po ang Iyong Salita, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang nakasusumpong niyon." O Panginoon, itulot Mo na ito na yaong "kakaunti," ilan sa kanila, maaari Mo po bang gawin, Panginoon? Ipagkaloob Mo po na bawat tao rito.

159 Dumadalangin ako kung paanong ang magagawa lang ng tao ay dumalangin din. Panginoon, gagawin ng mga taong ito ang anumang bagay para sa akin, para matulungan lang ako. Kung nagugutom ako, pakakainin nila ako. Kung nangangailangan ako ng damit, bibilhin nila iyon. Mag-aambagan sila at ibibili ako ng kotse, para maipangaral ang Ebanghelyo. Gagawin nila ang anumang bagay sa ganoong paraan. O Ama, siyasatin Mo po ang kanilang mga kaluluwa ngayong umaga, pakiusap gawin Mo po, at hayaang siyasatin nila ito sa Iyong harapan. Hindi ko alam, nagtitiwala akong bawat isa sa kanila ay kasama sa Mga Hinirang na iyon. At isama Mo rin po ako doon, Panginoon. At kung may anumang dahilan sa akin kaya hindi ako makakasama doon, Panginoon, pakihayag Mo na po iyon sa akin, itatama ko iyon ngayon din. Nais kong makatiyak, Panginoon, na sa umagang iyon ay walang anumang magiging abala roon sa may

ilog. Nais kong makasama sa araw na iyon. At hindi ko alam kung kailan iyon, maaaring ngayon na iyon. Kaya, tulungan Mo po akong malaman ko, tulungan Mo po ang mga taong ito na malaman nila.

160 At kapag nakita namin ang aming mga puso na walang pagpapahalaga! Oh, nasisiyahan kami sa isang magandang Mensahe upang mapakinggan sa radyo, o magsimba. Ikinalulugod namin ang isang magandang Mensahe. Hindi namin alintana ang pagsasalita tungkol kay Jesus sa kung saan man. Ngunit, Panginoon, ang kasalanan nga ba'y labis na pasanin sa amin, at nagdudulot ito ng luha sa aming mga mata, sa paghihinagpis at pag-iyak at pagtayo laban dito, lahat na, ang mga kasuklam-suklam na ginawa sa bayan? Panginoon, hayaang makita iyon ng Anghel ng Diyos sa amin, at tatakan kami. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

161 Maging gayon nawa na pumarito Ka, Panginoong Jesus, ngayon at ihanda ang aming mga puso, at ibigay sa amin ang Iyong mga tunay na tanda na Ikaw nga ay nasa aming kalagitnaan, upang malaman namin na sa amin ay ibinibigay na—ibinibigay na ang huling tanda na iyon bago ang katapusan ng henerasyong ito.

162 At nakikita namin ang pagkabastardo, kung kailan ang mga lalaking naninirahan sa bansa at nagkakaanak sa asawa ng ibang lalaki, at—at ang mga munting dalagita na nasa lansangan, at daan-daan ang hindi na pumapasok ng paaralan bawat taon at mga kabataan na nagiging mga ina, at wala nang paggalang, at kung gaanong nagiging mga lason na ang mga kababaihan, sila mismo, sa pamamagitan ng paninigarilyo at—at pag-iinom, at mga telebisyon at iba pang ganoon na nagpapadumi sa mga isipan ng mga bata. O Panginoon, hanggang kailan iyon magtatagal? At Ikaw, na isang Banal na Diyos!

163 O Ama, ako—kakaiba ang nadarama ko ngayon na may bagay na dapat magawa kaagad, Panginoon. Hindi ko po alam ang sasabihin, subalit dalangin ko, Panginoon, na ilalagay Mo sa aming mga puso kung ano ang gagawin. Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, Panginoon. Hinihiling namin ang mga ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

164 Malapit na ang oras. Bawat matinong tao na may pangangatwiran, ay nakakabatid na may nagbabadyang mangyari. Wala ni isang tao sa gusaling ito, na may matinong pag-iisip, kundi nakababatid na hindi maaaring manatili ang mundong ito sa ilalim ng ganitong mga kalagayan.

Hindi tayo makapananatili, mga kaibigan. Wala ni isang bagay, bilang pastor ninyo at inyong kapatid, wala ni isa mang bagay na magagabayan ko kayo papunta doon ngayong umaga kundi kay Jesus Cristo. Wala ni isang bagay na alam ko. Isipin

lamang ninyo ang mga bagay na iprinopesiyang darating bago maganap ang Pag-agaw, lahat ng nalalaman ko ay naganap na.

165 Sasabihin n'yo, "Paano naman ang tatak ng hayop?" Magaganap iyon sa panahon ng Kapighatian. Wala na ang Iglesya sa panahong iyon. Hindi na kailangang tatakan pa ang mga ito, nakaalis na ang mga ito, kita n'yo. Nagaganap na ngayon ang pagtatatak. Ang pagtatatak ay ang pagpapakita, ng uri. Tumakas na kayo patungo sa Diyos, tumakas na kayo agad patungo sa Kanya!

166 Iniisip ko ngayong umaga, habang naghihintay tayo rito sandali. At nadarama ko rin ang nadarama ninyo. Ako—nadarama ko ang pakiramdam ninyo, na bawat isa sa inyo ay nagsisikap na isipin, "O Diyos, siyasatin Mo po ako!" Ganoon din ang nararamdaman ko. Napagtatanto ko na ang ganitong mga Mensahe, kaibigan, ay hindi popular sa mga tao. Kinokondena mo kasi sila at iyong kino-. . .iyong—pinapababà mo lang sila. May kailangang gumawa niyon. Sana ay naging marahil ibang tao na lang. Subalit kung sa akin ito itinakda upang gawin, kung kinakailangan kong maging babaeng tagapaglinis, hayaan akong mag-isís. Kung ako'y. . . Ang sabi ni David, "Nanaisin ko pang maging punasan ng paa sa Bahay ng Diyos, kaysa tumahan sa mga tolda ng kasalanan." Siyanga. Ano man ang nais ng Diyos na gawin ninyo, gawin n'yo iyon. Huwag kayong mahiya. Kung mayroong. . .

167 At, alalahanin n'yo, alam kong iyon ay isang dakilang bagay. Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sinasabi mo bang walong kaluluwa lang ang maliligtas?"

168 Hindi ko alam kung ilan ang maliligtas, hindi ko masasabi sa inyo. Subalit sinasabi ko ang isang bagay: magiging napakakaunti lang nila, sa araw na tulad nito. Isipin n'yo na lang, sa araw Niya noon, kung ilan ang naligtas. Isipin n'yo ang panahon ni Noe, at ang panahon ni Lot—Lot, at lahat sila, sabi Niya, "Gayon din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, 'pagkat, makipot ang pintuan, at makitid ang daan." Nakita n'yo, mag-isa kayong papasok, kasama Niya, at ganoon lang. Kita n'yo? "At kakaunti lamang ang makasusumpong nito." Ilan ang naniniwala na iyon ang Katotohanan ng Ebanghelyo? Sinabi ni Jesus Cristo na gayon nga, "Kakaunti ang makasusumpong nito." Kakaunti lang. Maging isa kayo sa mga iilan na iyon. Alam kong mahirap iyon, mahirap gawin iyon. At mahirap para sa akin na sabihin iyon, sa nadarama kong pag-ibig na makatao para sa inyo, subalit pinipilit ako ng pag-ibig ng Diyos na sabihin sa inyo.

169 Ngayon, ang siya ring Espiritu Santo na kumilos noong panahon ni Abraham, kumilos noong panahon ni Cristo, ay nangakong darating dito upang gawin ang gayon ding

bagay. Naririto na Siya. Ngayon, kung sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, ang Diyos ay obligado sa Katotohanang iyon.

170 Kung hindi ko tutuparin ang salita ko, hindi ako tapat sa aking salita. Kung hindi ninyo tinutupad ang inyong salita, hindi kayo tapat sa inyong salita. Ngayon, maaari akong makapangako sa inyo ng isang bagay at hindi ko iyon magawa, ngunit—ngunit pupunta ako at sasabihin sa inyo. Kung may pagkakautang ako sa inyo, at tataguan ko kayo, isa akong ipokrito. Kung darating ako't sasabihin sa inyo, "May utang ako sa iyo, pero hindi kita kayang bayaran, pero gagawin ko ang abot ng makakaya ko," kung gayon ay patatawarin ninyo ako at tutulungan ako. Kita n'yo?

171 May pagkakautang tayong lahat sa Diyos. Utang natin sa Kanya ang ating mga buhay. Maging matapat tayo tungkol dito. Lumabas kayo at sabihin . . . Huwag ninyong sabihin, "Buweno, ngayon tingnan mo, ako'y—Presbyterian ako. Methodist ako. Pentecostal ako. Church of God ako. Nazarene ako. Pilgrim Holiness ako." Huwag n'yong isipin ang ganoon! Magkakaroon ng milyun-milyong ganoon sa impiyerno. Maging Cristiano kayo, kay Cristo.

172 Ilan ba ang magsasabi, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa panalangin ngayon, nais kong tumayo"? Pagpalain kayo ng Diyos.

173 Panginoon, nakikita Mo po ang kanilang mga kamay. Narito na ang oras, pinatahimik na ng dakilang Espiritu Santo ang gusaling ito ngayong umaga. Nararamdaman ko ang Iyong Presensiya. Napagtatanto kong naririto Ka upang kilalanin ang Iyong Salita, "Akong Panginoon ang nagtanim, at Aking didiligan ito araw at gabi, baka may umagaw nito sa Aking kamay." Ipinadala Mo ang Iyong Salita upang isagawa ang isang layunin, at Ito'y—kinakailangan Nitong gawin iyon, Panginoon. Sinasabi ng Kasulatan na Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

174 Hindi sila makapaniwala, ang mga tao noong panahon Mo ay hindi makapaniwalang nasa Iyo ang Espiritu Santo. At na ginawa Mo ang Iyong Sarili (bilang Tao) na Diyos, na, Ikaw ang isinilang ng birhen na Anak ng Diyos na pumarito sa lupa upang tubusin kami sa aming mga kasalanan. At dahil sa nakita nila ang Espiritu ng Diyos sa Iyo, pinilit nila itong ibahin. At sinabi Mo sa kanila, Panginoon, "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, ang Aking Ama na nananahan sa Akin. Siya ang gumagawa ng mga gawa. Kung tinawag ninyo si Abraham na inyong 'ama.' Nakita ni Abraham ang Aking araw." Tunay nga, na nakita nito, noong nakatayo ito sa tabi Niya, nakita Siyang gumawa ng mga gawang iyon at tanda. "Nakita niya ang Aking araw at nagalak." Sabi, "Nagkakamali kayo, dahil hindi ninyo alam ang Kasulatan maging ang Kapangyarihan man ng Diyos,

kung paanong magagawa ng Diyos na limliman ang isang birhen, at manganak ito ng isang Lalaki (sa pamamagitan ng isang birheng kapanganakan) at manahan Mismo sa kapuspusan ng Kanyang Kapangyarihan, sa iisang Tao na iyon."

175 At kung papaanong magagawa Niyang kunin ang siya ring Dugo mula sa Katawan na Iyon na Kanyang ibinigay bilang isang Handog, at linisin ang isang bayan upang Kanya Mismong panahanan, ipagpatuloy ang Kanyang gawa hanggang sa dulo ng kaganapan! O Diyos, gisingin Mo po ang mga tao upang makita iyon. Ipagkaloob Mo ito. Iligtas Mo po ang bawat isa na nagtaas ng kanilang kamay. Linisin ang kanilang mga puso. Panginoon, nakataas ang aking mga kamay. Linisin Mo ako, O Panginoon. Ito ang bahay ng pagtutuwid. Ito ay isang lugar kung saan kailangan kaming mahugasan. Hayaan ang Espiritu Santo na hugasan kami ngayong umaga, at linisin kami mula sa kasamaan.

176 Dumadalangin kami, Panginoon, na walang taong lilisan dito kundi napuspos ng Iyong Espiritu. Maaaring ni walang isa mang emosyon sa labas kapag nangyari iyon. Ngunit, Panginoon, pumasok Ka sa loob, alisin Mo po ang talukap at ipakita sa amin kung ano kami, Panginoon. Ipagkaloob Mo po ito. At pagkatapos ay puspusin Mo po kami ng Iyong Espiritu, ng pusong totoo at dalisay. At sa panahong ito ng mga pag-uusig at matitinding pagsubok, Ikaw ay lalo pang tumamis at lalong kaibig-ibig sa amin habang kami'y lumalakad, na naghihintay sa araw na iyon. Habang tumutulo ang luha sa aming mga pisngi, para sa mga kasalanan ng bayan, dumungaw nawa ang Espiritu Santo at magsabi, "Hayun ang isa na maaari Kong tatakan, ang lalaking iyon ay Akin, ang babaeng iyon ay Akin." Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Makita nawa ito sa amin ngayon. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

> When I come to the river at the ending of day,
> And the last winds of sorrow have blown;
> There'll be Somebody waiting that will show me the way,
> I won't have to cross Jordan alone.
>
> I won't have to cross Jordan alone,
> Jesus died all my sins to atone;
> When the darkness I see, He'll be waiting for me,
> I won't have to cross Jordan alone.

177 Nais ko Siyang makilala ngayon. Kunin Mo po ang aking kamay, mahal na Panginoon, patuloy Mo akong gabayan, hayaan Mong ako'y tumayo. Hayaan Mong manindigan ako rito, Panginoon, laban sa lahat ng tinatawag na kamalian, lahat ng mukhang mali. Walang anuman sa akin maging ano pa man ang sabihin ninuman, hayaan Mong manindigan ako, Panginoon.

Kapag nagawa ko na ang lahat ng magagawa ko, tulungan Mo akong tumayo. Hawakan Mo ang aking kamay at hilahin Mo po ako rito, Panginoon. Gumawa ng isang bagay, hayaan Mong ako'y tumayo. Kapag dumating ang mga gayong bagay, at ang mga kayamanan ng sanlibutang ito at ang lahat ng karangyaan nito at kaluwalhatian nito; bulagin Mo ang aking mga mata rito, hayaang Siya lang ang makita ko na Siyang namatay para sa akin. Kung ang kapalit nito ay bawat kaibigan na mayroon ako, kung ang kapalit nito ay lahat ng bagay na taglay ko; walang anumang kabuluhan iyon, isinusuko kong lahat ito sa altar. Ganoon na nga, hayaan Mo pong manindigan akong tapat. At balang araw kapag umiihip na ang hangin sa aking mukha, at alam kong wala na ang puso ko at tapos na ang mga araw ko, at tapos na ang oras ko at inalis na ang kard ko sa lalagyan, nais kong huwag tumawid na mag-isa sa Jordan. Naroroon Siya. Oo. Kapag nakita ko na ang kadiliman, maghihintay Siya roon para sa akin, hindi ko kailangang tawirin na mag-isa ang Jordan. Kung maninindigan ako para sa Kanya ngayon, maninindigan Siya para sa akin sa panahong iyon. Mabubuhay ako para sa Kanya na Siyang namatay para sa akin, magiging napakasaya kung gayon ng buhay ko. Ganoon ko nais na manindigan.

178 Sa palagay ko'y may mga maysakit dito. Namigay ba siya ng anumang mga kard? Nakalimutan ko. Namigay ba sila ng mga kard? Meron bang naipamigay na mga kard? Meron bang may mga prayer card? Hindi.

179 Naghihintay lamang ako sa Espiritu Santo. Kung mananampalataya lamang kayo, sadyang manampalataya lang, huwag mag-alinlangan. Kung ipapahayag sa akin ng Diyos ang inyong mga suliranin. . . Anupaman iyon, hindi ko alam; pakitaas ninyo ang inyong kamay, na hindi n'yo ako kilala at hindi ko kayo kilala. Kung gayon kung ipahahayag ng Diyos dito, maniniwala ba kayo na iyon ang siya ring Anghel na nagdala ng Mensahe bago lamang ang pagkawasak noon doon, iyon ang siya ring Anghel na nagdadala niyon ngayon mismo bago ang isa pang pagkawasak. Paniniwalaan n'yo ba iyon? Kung ganoon nga, itaas ang inyong kamay. Sige. Mabuti, ipagkaloob nawa iyon ng Panginoon.

180 Siya ay nakaupong malapit sa akin. May isa pang nakaupo malapit sa akin, 'yun si Gng. Snyder dito, o itong si Gng. Murphy rito, ang pangalan niya, na nakaupo rito. Kilala ko sila.

181 Hindi ko kilala ang lalaking ito, estranghero siya sa akin. Subalit kilala siya ng Diyos. Kung ipahahayag iyon ng Diyos ngayon, ilan sa inyo ang nakakaalam na hindi ito . . .

182 Huwag ninyo akong tingnan. Naku, isa lang akong walang pinag-aralang probinsyanong taga-Kentucky, kung sa gayong bagay lang. Ako—ni wala nga akong sapat na edukasyon, halos, para—para maisulat ang sarili kong pangalan. Subalit may alam

akong isang bagay, kilala ko Siya. At iyon, 'yun—'yun lang ang gusto kong malaman. Ngayon, huwag—huwag ninyong pansinin kung paano ang pagbigkas ko ng salita.

183 At maaaring iniisip n'yo na ang pangaral ko ngayong umaga ay ganap na wala sa linya at lahat na, ilinya ninyo ito sa Biblia minsan at tingnan kung hindi nga ba kayo nakasentro sa puntirya. Tingnan n'yo kung hindi nga ba pasok ang teleskopyo n'yo kapag inyong—kapag inilagay n'yo ito roon. Huwag ninyo itong ilinya sa sarili ninyong mga kaisipan, kundi ilinya ninyo ito sa sinabi Niya. "Makipot ang pintuan, makitid ang daan, at kakaunti ang makasusumpong niyon; 'pagkat malapad ang daang patungo sa mga pagkapahamak, at maluwang ang pintuan, at marami ang magsisipasok doon," milyun-milyong ulit ng milyun-milyon ang papasok doon. Isa sa isang milyon marahil ang magiging pagbilang. Hayan na nga. Iyon ang sabi Niya. Ngayon, hindi Niya ibinigay ang bilang na iyon, subalit sabi Niya, "Kung paano ang nangyari sa panahon ni Noe, walong kaluluwa. Kung paano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, tatlo." Mula sa kabuuang bagay, tatatlo ang naligtas, sa apoy. Ganoon din ang mangyayari!

184 Ngayon, kung ang sinuman ay totoong espirituwal, nais kong tumingin kayo sa lalaking ito na nakaupo rito, tuluy-tuloy niya akong pinagmamasdan sa abot ng magagawa niya. Itinaas ang kanyang kamay, hindi ko siya kilala; hindi ko pa siya nakita, at wala akong alam tungkol sa kanya. Nakaupo lang siya riyan na nakatingin sa akin. Ngunit, kita n'yo, nakikipag-ugnay siya, nananalangin siya. Ngayon, tama 'yon. Ngayon, kung sasabihin sa akin ng Panginoon. . . Ang lalaking iyan na nakaupo nang ganyan kalayo sa akin, at ito ang una naming pagtatagpo, at hayun siyang nakaupo riyan. Kung ipahahayag ng Panginoon sa akin kung ano ang kanyang—kung ano ang kanyang. . . Ako—hindi ko siya kayang pagalingin. Hindi ko, hindi ko magagawa iyon, 'pagkat ginawa na iyon ng Diyos. Subalit madaragdagan nito ang inyong pananampalataya. Nakikita na ng lahat ngayon, naririto na Siya, ang siya pa ring Espiritu. At alalahanin n'yo, ipinangako ito ni Jesus, bago ang huling araw. Noon pa man ito na ang huling tanda.

185 Noong isang araw, nakaupo kami ni Leo sa kalsada, at nag-uusap-usap ang ilan sa amin. At pakiramdam ko sa tuwina na may isang pagbabagong paparating, isang pagbabago na darating. Noong pinag-usapan namin iyon, hindi iyon pagbabago sa ministeryo ko, dahil hindi na maaaring magkaroon pa, kundi iyon ay magiging pagbabago sa akin. Noon pa ma'y mahina na ako at hinahayaan lang na pangunahan ako ng mga tao at gabayan ako, at ipadala sa banda *rito* at sa banda *roon*. Kung ginawa ko lang sana ang isang bagay na sinabi noon sa akin ng Panginoon na gawin matagal nang panahon, wala sana ako sa problemang kinasadlakan ko ngayon. Aalis ako sa

susunod na linggong ito upang mapag-isa kasama ng Diyos. Siyanga, po. Ako—kailangan kong makarinig buhat sa Langit. Ayaw kong maging isang mahina, nais kong tumayo sa sarili kong mga paniniwala.

186 Yaong lalaki, pabalik-balik iyon sa kanya, nakaupo siya roon mismo sa likod, dahil sumasampalataya ang lalaking iyon, siya'y totoong nananampalataya. Pinagmamasdan ko sa lahat ng dako ang mga nagsidalo, at bumabalik iyon doon mismo sa naturang lalaki. May pangangailangan siya, may álalahanín siya, subalit may álalahanín siya para sa kapakanan ng ibang tao. Siyanga. Nananalangin ka para sa iba. May ibang taong inaalala mo sa iyong puso. Tama 'yon, di ba? Isa itong kaibigan. Kung sasabihin ko sa iyo kung anong problema sa kaibigan na iyon, paniniwalaan mo bang lingkod ako ng Diyos? Iyon ay pagkagumon sa alak. Tama. Kung tama 'yon, itaas mo ang iyong kamay.

187 Sumasampalataya ba kayo? May isa sa banda rito na nagtaas ng kanilang kamay, isang babae sa banda rito, isang tao. Oo. Siyanga. Hindi mo ba ako kilala? Estranghero ba ako sa inyong lahat? Hindi ko kayo kilala, subalit kilala kayo ng Diyos. Naniniwala ba kayo roon? Kung ipahahayag ng Diyos sa akin kung ano ang nasa inyong puso, paniniwalaan n'yo bang ako'y lingkod Niya? Munting binibini, ang gumugulo sa iyo ay ang sanggol na iyan diyan. Siyanga. At ang sanggol na 'yan ay may eksema sa mukha nito. Wala nang magagawa pa ang doktor tungkol dito. Estranghero ka rito, at ikaw at ang iyong mahal sa buhay ay nakaupo riyan. Naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin kung sino ka at kung taga-saan ka? Naniniwala ka ba? Tatanggapin mo ba ang kagalingan ng sanggol kung pagagalingin Niya? [Sinasabi ng babae, "Oo."—Pat.] Sige, puwede ka nang bumalik sa Somerset, Kentucky, kung saan ka galing. At manampalataya kang siya'y gagaling, lilisanin ng iyong eksema ang sanggol kung masasampalatayanan mo iyon.

188 Nang banggitin ko ang salitang iyon, may nakatayo riyan sa pasilyo, na taga-Somerset, Kentucky, nananalangin, may sakit sa puso. Nananampalataya ka bang pagagalingin iyon ng Diyos? Kung nananampalataya ka nang buong puso mo, at nananampalataya na magpapagaling ang Diyos at gagawing mabuti ang kalagayan.

189 Narito, narito ang, sa palagay ko'y tumaas ang kamay ng isa rito, kasabay nun, isang binibini. Oo, nakita ko ang kamay mo. Estranghero ba ako sa iyo, binibini? Hindi kita kilala. Hindi pa tayo nagkita. Naniniwala ka bang lingkod Niya ako? [Sinasabi ng binibini, "Oo."—Pat.] Naniniwala ka? May inaalala ka sa iyong puso, o anuman. Mananampalataya ka ba na kung maipapahayag sa akin ng Diyos iyon, mananampalataya ka bang Iyon ang siya ring Espiritu na na kay Cristo noon? Ang iyong asawa na nakaupo riyan, sinasampalatayanan niya rin ba ang

gayon ding bagay? Sasampalatayanan mo rin ba ang gayon ding bagay? Tungkol ito sa munting anak ninyong babae na nakaupo sa tabi mo riyan. Tama nga, mayroon siyang kanser. Ngunit nananampalataya ka bang pagagalingin siya ng Diyos? Kung nananampalataya ka, itaas mo ang iyong kamay. Sige, ipatong mo ang iyong kamay sa bata.

190 Panginoong Jesus, sa Presensiya ng Iyong Espiritu, sinasaway ko ang diablo na pumapatay sa bata. Inilalagay ko, sa pamamagitan ng pananampalataya, ang Dugo ni Jesus Cristo sa pagitan ng mamamatay-tao na iyan at ng bata. Itulot Mo itong mabuhay. Amen.

191 Manampalataya ka sa Diyos. Huwag mag-alinlangan. "Kung kaya mong manampalataya, ang lahat ng bagay ay posible." Kung kaya mong manampalataya, ang lahat ng bagay ay posible. Tumpak nga.

192 May iba pa riyan sa likod na nagtaas ng kanilang kamay, sa kung saan, ikaw, isang binibini riyan sa may dulo. Naniniwala ka bang lingkod ako ng Diyos? Hindi kita kilala, hindi mo ako kilala. Naniniwala ka bang maipapahayag sa akin ng Diyos kung ano ang gumugulo sa iyo? Tatanggapin mo ba si Jesus na maging Tagapagpagaling o Tagapagkaloob mo, anupaman iyon—anuman ang . . .? Sinasampalatayanan mo ito kung gayon? Buweno, kung gayon 'yang pagkaligalig na nagkaroon ka, nagkaroon ka nun. Kung tama iyon, tumayo ka, kung tama iyon, para lang makita ng mga tao na iyon ay ang katotohanan. Sige, lilisanin ka na nito ngayon. Umuwi ka at maging magaling na. Pagpalain ka ng Diyos.

Taga-Kentucky ka rin. Uh-huh, siyanga.

193 Ang babaeng nakaupo sa tabi mo ay taga-Kentucky rin. Siya rin nga. Hindi kita kilala, di ba? Pero masasabi ko sa iyo na may problema sa iyo. Kung masasabi ko kung ano ang problema sa iyo, tatanggapin mo ba si Cristo bilang Tagapagpagaling mo? Nasa balakang mo 'yon. Kung tama iyon, itaas mo pa ang iyong kamay, nang napakataas pa para makita ng mga tao. Sige, umuwi ka na ngayon, lilisanin ka na nito. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.

Hinahamon ko kayo na manampalataya kayo. Hinahamon ko ang inyong pananampalataya na maniwala.

194 Naritong nakaupo ang isang binibini rito, nananalangin, na nakatakip ang kanyang panyo sa kanyang mukha. Hindi kita kilala. Kilala ka ng Diyos. Ikaw ay taga-Joliet, Illinois, at mayroon kang tumor. Ganoon na nga mismo. Marahil ay iniisip mo . . . (Oo, 'yun nga ang—'yun ang babaeng isinama ni Rosella. Siyanga. Sandali, sinabi niya sa akin ang tungkol doon, pero hindi niya alam na hindi ko kilala 'yung babae. Siyanga. Mangyari lamang na napakalaki ng pananampalataya ng naturang babae.) Sasabihin ko sa iyo ang isang bagay na

iyong—na alam mo na hindi ko alam. Nananalangin ka para dito sa batang nakaupo rito sa dulo ng upuan, na may sakit. Anak mo ’yan. Tama ’yon. Amen. Alam mong hindi ko alam ’yon.

195 Hayun nga Ito, Ito ang Espiritu Santo! Sinasampalatayanan n’yo ba Ito? Tinatanggap n’yo ba Ito? Kung gayon kung tama nga iyon, ang sinabi ko tungkol sa “makipot ang pintuan, at makitid ang daan” ay tama. Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay naririto ngayon mismo. Ang Espiritu ng buhay na Diyos ay naririto mismo. Sinasampalatayanan n’yo ba Ito? Kung gayon, upang malaman n’yo na hindi ako kung sinuman para magpagaling, hindi ako tagapagpagaling, kundi pinili lamang ako ng Espiritu ng Diyos upang ihayag ang Kanyang Sarili. Wala akong edukasyon. Wala akong kaalaman tungkol sa anuman. Subalit ang Kanyang Espiritu ang nagsasagawa nito, nakita n’yo, at nais Niyang malaman n’yo na sinabi ko sa inyo ang Katotohanan.

196 Ito ang Katotohanan, na pinagaling na ang bawat isa sa inyo ni Jesus Cristo ngayon mismo kung sasampalatayanan ninyo iyon. Ngayon kung paano lamang. . .Kung kumilos Iyon sa Kingston, na ’yung mga misyunero, o kung sino man ang naroroon noon, ay nakita Iyon na kumilos noon sa Kingston, kung saan libu-libo ang gumagaling, bakit kaya hindi Iyon kikilos Dito sa Amerika kung saan nasa atin na nga ito ngayon? Bakit ba hindi natin ito masampalatayanan? Dahil hindi natin matawid ’yung ragasa ng tubig na iyon doon. Sinasampalatayanan n’yo ba ito? Itaas ang inyong mga kamay.

197 Ngayon, ang mga kamay rin na iyan, ipatong n’yo sa isang katabi n’yo, hayaan ninyong ipanalangin ko siya mula rito mismo, at huwag na kayong magkaroon pa ng anumang pagdududa sa inyong puso, tatapusin na nito iyon.

198 Oh, naku, Kapatid na Neville! Gaanong hinangad ko, gaanong nanalangin ako, gaanong ako. . .Maaaring isipin ninyong wala ako sa sarili ko; ako’y hindi. Alam ko kung saan ako naroroon mismo. Kung maipauunawa ko lang ang munting bagay na ito sa inyo! Napagtatanto ba ninyo na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay naririto sa gitna ng mga tao ngayong umaga, ngayon mismo, naririto mismo ngayon, na ipinamamalas ang Kanyang Sarili?

Buweno, sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, *ikaw* ang nagsabi niyon.”

199 Papaano kong nasabi iyon? Hindi ko naman kayo kilala. May isa pang babae na may TB. Magaling ka na, kapatid. Pagpalain ka. Ipagpaumanhin mo, nananalangin ka para sa isang babaeng may TB, dahil iyon ay babaeng ubanin na. Oo. Sige, sampalatayanan mo iyon. Hayan. Naririto Siya. Presensiya Niya Iyon.

200 Ngayon, ganito ang sabi Niya, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nagsisisampalataya. Kung kanilang ipapatong ang mga kamay nila sa mga maysakit, ay magsisigaling ang mga ito." Papaano Siya makapagsisinungaling? Kita n'yo, wala sa Kanya, wala sa akin, nasa inyo na iyon ngayon. Ngayo'y manampalataya kayo.

201 Nakatingin ako sa isang munting babaeng nakaupo riyan sa likod ngayun-ngayon lang, napakalaki ng pananampalataya niya. Siya at ang kanyang asawa ay bagong-tanggap pa lamang sa Panginoon. Nakaupo siya mismo sa pagtitipon na ito, mayroon siyang pagkaluslos na ooperahin sana ng doktor sa kanya bago lang, at malapit nang maisilang ang kanyang sanggol. At ooperahin sana ng doktor pagkatapos, pero naisilang ang sanggol at wala na silang makitang luslos. Nawala na itong lubos. Kita n'yo? Bakit? Naupo lang siyang parang . . . Hindi pa siya nakaabot dito sa entablado na gaya niyan. Naupo lang siya roon sa likod at sinampalatayanan iyon. Tama ba, Gng. Green, sa palagay ko iyon, diyan sa likod? Tama iyon. Nakikita n'yo ba ang kanyang kamay? Ni hindi na makita ng doktor ang pagkaluslos, wala nang lubusan. Bakit? Sinampalatayanan niya iyon, basta lumabas lang at nagsabi, "Tama iyon!"

202 Ngayon ganoon din ang gawin n'yo, at bawat karamdaman ninyo ay siguradong aalis. Ang Diyos, Na makapag—Na makapagsusugo ng Isang Bagay sa isang katawang-tao, laban sa kilabot ng tuklaw ng ahas na nasa paa ng taong iyon, lumalason, para pumatay sa kanya, at magagawang pigilin iyon at patayin iyon mismo roon, gaano pa kaya na magagawa Niyang patayin ang mga karamdaman sa inyong katawan. Dahil, nasa panganib ang taong iyon at kailangan na niya noon ng tulong. Kailangan n'yo rin naman. Kung wala kayo niyon, mamamatay kayo.

203 Ngayon, panatilihin ninyo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Huwag kayong manalangin para sa inyong sarili, ipanalangin ninyo ang tao sa tabi ninyo. Ganoon ang tulad ni Cristo.

204 Tandaan n'yo ito, tandaan n'yo ito, na, kung ano ang ginagawa ninyo sa iba, ay ginagawa ninyo kay Cristo. Kapag naging mabuti kayo sa iba, nagiging mabuti kayo kay Cristo. Kung minamaltrato ninyo ang iba, minamaltrato ninyo si Cristo. Oh, naku!

205 Oh, kung magagawa ko lamang ito na mapunta riyan, kung magagawa ko lang na maipakita ito sa mga tao, kung ano ang tinitingnan ko at kung ano ang nararamdaman ko, at kung ano ang alam ko na nagaganap, kita n'yo. Gaanong sinisikap na itulak ni Cristo ang Mensaheng iyon ngayong umaga, upang tumimo sa puso ng mga tao at lumikha roon ng isang bagay; hindi pagkaantig, hindi isang emosyon (kasama na nito iyon), kundi upang lumikha ng isang walang kamatayang pananampalataya

riyan na hindi magsasabi, magbibigay ng isa mang pulgada sa kaaway.

206 Ngayon, diringgin Niya ang aking panalangin, diringgin Niya ang sa inyo. Ipanalangin ninyo ang isa't isa ngayon, habang idinadalangin ko naman kayong lahat.

207 O Panginoon, sa dakila't napakahalagang sandaling ito, napagtatanto namin na ito ay mangangahulugan ng pagkakaiba sa pagitan ng kamatayan at buhay, sa marami. At nanginginig po ako sa Iyong Presensiya, sapagkat nalalaman ko, Panginoong Diyos, na dapat akong manalangin nang buong puso ko. Napagtatanto ko po na kahit na marahil wala ni isang tao man na may sakit sa aming kalagitnaan sa mga susunod na limang minuto, na bawat tao na naririto ay malalaman na naririto Ka. Naririto silang nangakatayo ngayong umaga, Panginoon. Hayaan ang mga tao na magtaas ng kanilang mga kamay na alam nilang hindi ko sila kilala, at walang anumang alam tungkol sa kanila. Subalit kilala sila ng Iyong Espiritu. Alam Mo po ang lihim ng kanilang puso, gaano pa kaya na alam Mo ang kanilang mga karamdaman at ang kanilang mga paghihirap! Kung gayon, Panginoon, mangyari nawa sa araw na ito, mangyari nawa ngayon din na hipuin ng Iyong Espiritu ang mga may sakit nilang katawan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Idinadalangin nila ang isa't isa.

208 At dalangin ko, Mahal na Diyos, na gawin itong lubos na totoo sa kanila ng Banal na Espiritu, na hindi na nila ito muling pagdududahan pa. At may isa pang karamdaman, Panginoon, na malayong higit kaysa sa pisikal na karamdamang ito, ang isang karamdamang espirituwal. Mangabuksan nawa ang bawat puso.

209 Panginoon, paanong nangyaring nakatayo Ka roon sa tabi ni Abraham, at ginawa ang bagay rin na ito, sinabi noon kay Sarah na "nasa likuran" Mo, sinasabi ng Kasulatan, "tumawa siya sa loob ng tolda," at sinabi Mo sa kanya. At napagtanto ni Abraham na iyon si Elohim, ang dakilang Diyos. Sa ilang minuto'y nawala Ka na sa kanyang paningin.

210 At, Panginoon, noong tumayo si Jesus at ginawa ang gayon din, at nagsabi, "Tinatawag ninyong 'ama' ninyo si Abraham, at ganoon pa man sinasabi ninyo na alam ninyo ang Mga Kasulatan." Sabi, "Nagkakamali kayo, dahil hindi ninyo alam ang Mga Kasulatan ni ang Kapangyarihan man ng Diyos." At tinawag nila Siya na "Beelzebub."

211 Subalit ipinangako Mo na sa mga huling araw na Iyong ibubuhos na muli ang Iyong Espiritu. Sinabi ng propeta, "Magli-Liwanag sa gabi." At naririto na nga kami.

212 Kung kailan ang ilehitimong sanlibutan na ito ay nagpapagulong-gulong sa kasalanan, gaya ng isang taong lasing na pasuray-suray pauwi nang gabi, hindi magtatagal ay sasabog

na siya sa gitna, wala ni abo ng bulkan, halos, ang matitira rito. At nakikita po namin ang oras na nauubos na.

213 O Diyos, alisin Mo po ang bawat pag-aalinlangan sa amin. Dalhin Mo kami sa paikot na iyon ngayon din. Pumarito Ka, Espiritu Santo. Ibuka Mo po ang iyong malalaking mga pakpak, lukuban itong munting mga nagsidalo na mga tao na ito ngayon din, at hayaan na Ikaw Mismo ang magpuno sa kanilang mga puso, at ipaalam sa kanila na Ikaw ay ang nasa Makalangit na Presensiya, na Ikaw iyan, "Ako ang Panginoon na Siyang nagpapagaling ng lahat ninyong mga karamdaman." At gumawa nawa ang Iyong Presensiya ng isang bagay sa kanilang puso na pahahayuin sila mula rito, ngayong umaga, na nananampalataya nang lahat ng nasa loob nila. At gumaling nawa ang bawat taong may sakit at pinahihirapan.

214 Sapagkat, bilang lingkod Mo, tumatayo ako't sinasaway ang bawat diablo, sinasaway ang karamdaman, sinasaway si satanas.

215 Natalo ka na, at ikaw ay wala nang anupaman kundi isang mapagpanggap lang. At sinasaway namin ang iyong kamay rito ngayong umaga, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At bilang Kanyang lingkod, na nangangaral ng Kanyang Salita at sinasabi sa mga tao ang Katotohanan, na maging matuwid at luminya sa Salita ng Diyos, hinahatulan kita, satanas, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lisanin mo ang bawat isa sa mga taong ito na nagbuhat pa sa iba't ibang dako, upang gumaling. Lumayo ka sa mga naririto at sa mga taong ito. Inuutusan kita sa pamamagitan ng buhay na Diyos. At sinabi ng Biblia, "Malaki ang nagagawa ng mabisa at maningas na panalangin ng taong matuwid." At maraming matutuwid na mga tao ang nakapatong ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ngayong umaga rito. Oh, satanas, gusto mong ipaisip sa kanila na ako iyon, saka mo kukunin ang kaluwalhatian mula sa kanila. Subalit iyon ay ang pananampalataya rin nila sa Diyos, sumasampalataya sila sa Diyos! At kinakailangan mong umalis, dahil sa kanilang pananampalataya. Kaya't umalis ka na palayo rito, at pumaroon ka na sa kadiliman sa labas kung saan ka nararapat. Sinasaway kita sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng awtoridad ng Biblia ng Diyos, ng atas sa akin ng isang Anghel. Ngayon umalis ka na, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at palayain mo sila. Amen.

216 Sumasampalataya ba kayo, nang buong puso ninyo, na kayo'y magaling na? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihing, "Tinatanggap ko ngayon si Jesus Cristo bilang aking Tagapagpagaling. Lahat ng mga anino ay naglaho na sa akin. Tinatanggap ko Siya ngayon sa kapuspusan ng Kanyang kapangyarihan, sa kaluwalhatian ng Kanyang Presensiya. Tinatanggap ko Siya."

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sins away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

Ngayo'y itaas natin ang ating mga kamay nang totoong magiliw sa Kanya ngayon.

While life's dark maze I tread,
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide, (O God!);
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrows, fears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

. . .rich grace!

*Makipot Ang Pintuan* TAG59-0301M
(Strait Is The Gate)
Serye ng Ang Iglesya

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Marso 1, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

*Ang Iglesya At Ang Kalagayan Nito*
(*The Church And Its Condition*)
Agosto 5, 1956, Linggo Ng Umaga

*Makipot Ang Pintuan*
(*Strait Is The Gate*)
Marso 1, 1959, Linggo Ng Umaga

*Isang Iglesyang Nadaya Ng Sanlibutan*
(*A Deceived Church, By The World*)
Hunyo 28, 1959, Linggo Ng Umaga

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inililimbag sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org